# Sa mga Suso ng Liwanag

# Sa mga Suso ng Liwanag

U Z. ELISERIO

u z. eliserio
(c) 2012 Quezon City

Cover image (c) 2012 Mary Anne M. Umali

Unang inilathala ng Akdang Bayan noong 2006

Para sa UP,
na hanggang ngayo'y pinapasuso pa rin ako

**Kabanata 1**

"Brownout?"

"Maligayang pagdating sa Disyerto ng Humanidades."

Hindi talaga ako dapat bumibyahe nang madaling araw. Walang ilaw sa front desk ng Departamento, *malamang* walang ilaw sa loob.

"Ibaba mo nga 'yan. Ano ka, mamumundok?"

Humikab ako. "Mga libro." Dalawang backpack ang ibinalibag ko sa mesa. Inilabas ko ang mga laman ng isa.

"Bakit mo pa kasi inuuwi pagtapos ng sem, alam mo namang dadalhin mo ulit dito pag simula ng sem?"

Ito ang ikaapat na semestreng pagsasama namin ni Zsazsa sa cubicle. Kilala ko na ang mood swings n'ya. Masayahin s'ya ngayon, mamaya, pagbalik ko mula sa klase, malamang nag-iiyak na s'ya. Pero ilang oras lang ang itatagal nun. Mamayang hapon, sana hanggang hapunan, bibo na naman s'ya. Tas, bago maghatinggabi, balik sa pighati. "Saan tayo magtatanghalian?" Ngayon ko lang napansin na nagpasemikalbo pala s'ya.

"Malamang wala ring ilaw sa Old Hum."

"Pag meron, malamang may naghihintay na estudyante."

"Magkaklase ka? Unang araw, magkaklase ka? Dudumugin ka ng prerog!"

"SEARCA, sige. Hinay-hinay lang." Iniwan ko s'yang nagsisigarilyo sa may bintana. Masarap ang sinigang sa SEARCA.

Mula amin, nadaanan ko ang mga cubicle nina Ma'am Leah, Ma'am Diana at kay Sir Hesus. Wala silang lahat. Alas syete ng umaga. Tama nga yata si Zsazsa. E ba't s'ya nasa dept na rin? Dumaan ako ng CR, umihi, tumingin sa salamin, naalalang wala palang kuryente at dumiretso sa klase. Bakit kaya wala si Ate Dairy sa front desk? Baka nasa CR din.

Sa labas ng NCAS sinalubong ako ng yakap ng malamig na hangin. Kaya nga ba ayokong iwan ang Los Baños. Dito na lang may sariwang simoy. Buhay na lang ang dahilan kung bakit ko pa nagagawang huminga pag nasa Roxas ako. At ang aircon sa bus? Jusko!

Sira ulo kasing JB, sa susunod pang linggo magkaklase. E di sana tatlo kami nina Zsazang magliliwaliw sa APEC mamayang gabi. Kahit kakaragkarag si TC Concepcion (Toyota Corona ng pamilya Concepcion), sarap pa ring mag-ikot ng LB pagsapit ng dilim.

"Sir pwedeng magpaprerog?" Sampung estudyante ang humarang sa 'kin bago pa man ako makapasok ng kwarto. Pandalawampu't lima lang ang mga kwarto sa Old Hum, dalawampu't pito kung matigas ang kukute mo. Alam kong dalawampu't pito na ang nasa official class list ko. Magdadagdag pa ako ng tatlo. Leche kasing Eliserio 'to, hindi marunong magpatakbo ng eskwelahan. Mabuti pang Chancellor si David, kahit pasista. Nung panahon n'ya, mga lima lang ang mag-aabang para magpadagdag sa klase.

"Alamin ko muna kung ilan na ang meron ako, ha?" Nagsitanguan at yukuan sila. Mga sophomore at junior, siguro may ilang graduating. Sa loob, alam ko, puro freshmen.

Parang palengke ang pinasok ko. May sumisigaw, may kumakanta, may nakikipag-usap sa selepono. Nakabukas ang mga electric fan (dalawang ayos, isa ang sira), pero hindi ang ilaw. "Liwanag," bulong ko, sabay on ng switch.

Apat ang flourescent lamp sa kwarto. Isa ang hindi sumindi, isa ang kukurapkurap.

Pinipi silang lahat ng liwanag. Noong unang taon ko, t-shirt lang, napagkakamalan tuloy estudyante. Kaya ngayon, sa unang buwan, nagpopoloshirt ako.

"Magandang umaga." Mula sa bag nilabas ko ang folder, hinagilap ang class list, at hindi ito nakita.

Pag wala sa isa pang backpack ibig sabihin naiwan ko sa Roxas.

"Yellow pad, kahit sino. Tatlong hati, pangalan, kurso, student number." Bumaling ako sa mga naghihintay. "Sino sa inyo ang kayang kumanta?"

Nakayukong umalis ang tatlo.

"Sinong gustong mauna?"

Wala.

"Paano ako magkakaroon ng tatlong ipeprerog kung lahat kayo tatanggihan ko?"

Isang babaeng mataas pa sa akin ang nagtaas ng kamay. Nakapalda s'ya, at hanggang bewang ang buhok.

"Ayan! Bravo! Sige, banat..."

"Just what is it in me?"

Tawanan lahat.

"Tahimik!" Ito lang ang bentahe ng mga malaki ang mata. Madaling mansindak.

Nagpatuloy ang pambabalahura kay Gary Valenciano. Nang umabot sa chorus tinanggap ko na Form 5A n'ya. "Sino pa?"

Lalake naman. Halos kasing-taas ko, doble ang taba. Hindi ko na kailangang utusan, sinimulan n'ya ulit ang "Take Me Out of the Dark."

Pinatigil at pinaupo ko s'ya pagkatapos ng tatlong linya. "At huli?"

Sa limang natira, tatlo ang babae. Nakatingin silang lahat sa sahig.

"Hindi naman kailangang parehong kanta, kung gusto n'yo ng mas uso—"

"Ako sir!" Sa may pinto nakatayo ang dalawang lalake. Isang maputlang nakalongsleeves (fratman?) at isang nakasando. Nagsisikuhan sila.

"Itigil n'yo nga 'yan."

Nagpatuloy lang sila. Nagsimulang maghagikhikan.

Lumapit ako. "Tama na 'yan!" Buti na lang sumunod. Hindi ko naman sila pwedeng hawakan, baka makasuhan ako. At kung di man, kung fratman 'tong isa baka unang linggo pa lang ng pasukan mapasok na 'ko sa ospital. "Labas." Nilakihan ko pa lalo ang mga mata ko.

"Pero sir! Kakanta na 'ko." Si Long Sleeves. "May isang lalake..."

"Labas!" Bumaling ako sa mga babaeng nakatayo. "Kayo, upo. Tanggap na rin kayo."

Laglag ang panga ni Sando. Nagtatatalon 'yung fratman. "Ansama n'yo sir! Hindi kayo patas! Pwera lala—"

Tinulak ko s'ya palabas. Ibinalibag ko ang pinto. Titi ng Ama.

'Yung mga freshman, kasing putla nang lahat si Long Sleeves. May isa, sa sulok, umiiyak. Sigaw ko: "'Yung yellow pad!"

Naging tatlo tuloy 'yung umiiyak.

"Tahimik!" Isinulat ko ang salitang "human" sa blackboard. "Ngayon, sino sa inyo ang Cebuano?"

Inubos ko ang isa't kalahating oras kahit unang araw ng pasukan. Sa parehong kwarto ang susunod kong klase. Dalawampu't anim na freshman, nadagdagan ng tatlong sophomore na kakanta para lang makapagprerog. Ang ikatlo at huli kong klase sa araw na iyon, alas diyes hanggang alas onse y media, ay sa ikalawang palapag, sa impyernong AVR-7.

Una kong semestre ng pagtuturo may isa akong klase sa AVR-7. Alas onse y media hanggang ala una. Alas dose y media pa lang, pinapalabas ko na sila. Paano'y napakainit, para kang pinaplantsa. Audio Visual Room, pero wala na ngang air-con, wala pang TV! Ngayon tuloy, medyo napahaba ang introduksyon ko

sa klase kong alas otso y media hanggang alas diyes, para madelay ang aking pag-akyat sa impyerno.

"Sir, sampung minuto na po kayong sobra."

"Di ba ikaw 'yung nagpaprerog? Ano'ng sinasabi mo?"

"Sir, napakainteresante ng topic natin, pwede po bang mag-extend?"

Ang taong gipit, kahit sa pinapahabang lektyur kumakapit. Pinakawalan ko rin sila pagkatapos ng limang minuto. Pahaplos ang pagbubura ko sa blackboard.

Sabay ang paglabas ng mga estudyante ko at ang pagpasok ng susunod na klase. Nagbubura pa rin ako nang pumasok ang titser nila. Hinaplos nito ang braso ko. Titi ng Ama. Akala ko sa susunod na linggo pa darating 'to?

"H'wag kang magsimula Diana."

Humagikgik ang bruha. "Bakit, may angal ka? Idedemanda mo ako ng sexual harassment?" Si Diana, idolo ko. Rakista, marunong tumugtog ng gitara. At ang boyfriend n'ya, halos labinlimang taon ang pagitan nila sa edad, drummer ng isang banda. Kakaibang babae. Manunulat din s'ya, kaso sa Ingles. Zines ang hilig. Tsaka interesado sa New Age, bagaman Methodist. May pagkafeminista. May pagka.

"Ikaw, iisipin ng mga estudyante mo tayo."

"O, ayaw mo ba nun?"

"Gusto, kaso hindi totoo!"

Humagikgik s'ya ulit. Muntik na s'yang umalis sa LB dahil sa awayan sa pulitika. Combatrin kasi kami, anti-admin. Tatlong taon na ang nakakalipas nang maganap ang UPLB masaker, kung saan pitong myembro ng dept, dahil sa kanilang mga di-popular na opinyon, ang hindi nirenew ang kontrata. Mga kaibigan lahat ni Ma'am Diana. Kami nina Zsazsa at JB ang pumalit. Sa simula, ayaw nila (si Ma'am Leah, Sir Hesus, marami

pa) sa amin. Nang magkasubukan, botohan ng bagong Chair, doon kami nagkakitaan nang mata sa mata. Ayos na ang lahat.

"Malay mo, balang araw..." Hinaploshaplos n'yang muli ang aking braso. "May plano ka bang tapusin 'yan?"

Kalahati pa ng blackboard ang may sulat. "Ikaw na lang." Binigay ko sa kanya ang eraser at tumatawang lumabas ng kwarto. Sa totoo lang, gusto ko rin bagalan ang paglalakad pataas. Tipong tatlong buntong-hininga bawat tapak. Kaso baka magsialisan ang mga estudyante ko.

Sa kolehiyo, unang semestreng freshmen lang ang mababait. Pagdating ng ikalawang semestre, may sungay na sila. Palaki nang palaki habang tumatanda. At hindi introduksyon sa panitikan ang klase ko sa taas. Creative Writing. Comm Arts majors! Mga junior at senior. "This is no ordinary rabble of orcs," sabi nga ni JB. "These are Urukhai." Ang senior communication arts major ang pinakamabangis na hayop sa Los Baños. (Sunod sa Chair namin... Mamaya na 'yun.)

Sa UP, kung one third ng oras na huli ang guro, pwede nang umalis. Freshmen lang ang hindi gumagawa nito. Ang Comm Arts major na mahaba na ang mga sungay, one fourth pa lang ng oras kang huli, kakaripas na ng takbo. Madaling paraan ito para magkasinko, pero wala naman silang pakialam. Merong comm arts majors na tatlong taon nang senior.

Panitikan ang MA ko, pero pinagtuturo nila ako ng pagsusulat sa Ingles. Eng 106. Nakakapaglathala rin naman ako ng ilang kwento sa Ingles, pero si JB ang experto. Ang kaso, sa kanya tinatambak ang Eng 101, na hindi namin alam pareho kung ano ang deskripsyon, sa totoo lang sa tatlong semestreng hinahawakan n'ya ito, tatlong beses na rin s'yang nagpapalit ng silabus. Alam ng mga magiging estudyante ko ang pagkiling ko sa Filipino. Ayos lang sa marami, pero merong iba... 'Yun ngang tatlong taong senior.

Uruk-hai nga.

Tatlo agad ang napansin kong mali sa AVR-7 pagkapasok ko pa lang. Una, may aircon. Malamig na malamig, para akong sinabuyan ng malayelong tubig pagkabukas ko pa lang ng pinto. Pangalawa, tahimik ang mga estudyante. At sa silya sa likod ng mesa kung saan ako uupo, nakaupo ang isa sa mga pinakapaborito kong estudyante. Si Pomelo Chua, naging estudyante ko sa Humanidades nung unang taon n'ya, isa sa mga comm arts junior na junior standing na talaga. Nagdadasal s'ya. Bagaman magkaibigan kami, hindi ko napigilan ang kanyang pagsali sa Coalition of the Followers of Christ. Sa hinuha ko, dahil sa kanya kaya tahimik ang mga orc kong estudyante.

May ilan nga sa kanilang nagdadasal din.

"Pom? Pom-pom? Chua!" Isa s'ya sa iilang estudyanteng first name basis ko. Mas maganda kasing apelyido ang tawagan, para walang mag-iisip na mabait ako. "Chua! Chua!"

Hindi s'ya natinag. Para bang kausap talaga n'ya si Kristo. Napansin na ako ng kanyang mga kaklase, nagsimula nang magkwentuhan ang mga ito. Lumapit ako sa mesa at ibinalibag ang aking backpack. "Chua!"

Napatayo s'ya sa bigla. "Sir? Sir! Magdasal po tayo! Unang araw ng klase, may namatay na estudyante!"

Na naman? Kada semestre mula nang nagtrabaho ako sa LB may namamatay na estudyante. Madalas dahil sa frat, pero meron isang beses nawala sa Makiling. "Kaibigan mo? Kaklase? Kakilala?"

"Hindi po sir."

"Anong pangalan?" Syempre ayokong namamatayan ng estudyante, kahit siningko ko, o binagsak ako sa student evaluation.

"Hindi ko pa po alam. Kakatext pa lang sa akin ni Susie. Eng'g daw po sir..."

"Myembro ng CFC?"

"Hindi po.  Kung CFC kilala ko dapat."

"E bakit parang pasan mo ang daigdig e wala ka naman palang koneksyon sa kung sinong damuho ang namatay?  Hindi man lang Comm Arts."  Sa totoo lang, merong ilang comm arts major na...

"Kailangan po ba kakilala?  Estudyante po 'yun.  Dapat, ipagdasal natin!"

"Umupo ka na Pom.  Kundi, kakailanganin mong magdasal para di kita alisin sa class list ko."

Inirapan ako nito, pero sumunod naman sa utos.  Kahit na Kristyano, maangas pa rin.

"Yellow pad nga.  At 'yung mga nasa likod, lapit kayo."  Manhid na ang mukha ko dahil sa aircon.  Tinungo ko ang makina para hinaan ang buga.  Sa malapit, nalaman kong wala itong control panel.  Tuloy pa rin sa kwentuhan ang aking mga estudyante.  "Hindi ba kayo nanlalamig?"

Tatlo ang humindi.  Dedma ako sa iba.  Si Pom-pom umirap ulit.

"This guy's in love with you, pare."  Mensahe.  Nilabas ko ang aking selepono.  Galing kay Aiko.  Hindi ko binasa, pero hindi ko binura.  Ibinulsa ko lang agad ang selepono.  "Hatiin sa gitna 'yung yellow pad, pangalan sa kaliwa, kanan student number."

Tumingin ako sa blackboard.  Whiteboard ito.  Sa LB may libreng isang whiteboard marker kadagitna ng semestre na tatlong araw ang itinatagal.  Boyscout hanggang highschool, wala akong reserba.  Para nang nirarayuma sa lamig, nagdesisyon akong tapusin na ang klase.  "Sige, unang araw naman.  Sa Miyerkules na lang ulit."  Natapos ang kanilang kwentuhan at nagsiayos na sila ng bag, may ilang tumayo na.  "May assignment."

Pwera kay Pom lahat sila napasigaw ng: "Ha?"  Alam kong walang kwenta, pero tinuloy ko pa rin.  "Icomputer n'yo, isang

pahina lang. Listahan ng sampung paborito n'yong libro. H'wag na kayong pumasok sa Miyerkules kung hindi n'yo dala. 'Yung nakapirma na sa yellow pad pwede nang umalis."

Parang rumaragasang hukbo ng orc, nag-unahan sila sa pinto. Sinabayan ako ni Pom palabas.

Naghiwalay kami sa Hum steps. "Sir, pag nalaman n'yo na kung sino 'yung namatay, kahit hindi n'yo kilala, tawagin n'yo ako. Ipagdasal po natin s'ya." Lumarga na s'ya papuntang kantina, at ako'y bumalik sa dept.

Kung saan, nalaman ko pagdating sa front desk, sa wakas may ilaw na. "Nagklase ka ng unang araw?" nakangiting sabi sa akin ni Ate Dairy.

"Opo. Sayang ang pera ng mga bata." Bata, jusko, tumatanda na yata ako. Sabagay... Pagkagradweyt, graduate studies ako agad, para makapagturo sa kolehiyo. Dito ang unang trabaho ko, sa ikalawang semestre ng aking MA. Ngayon, tisis na lang ako. Malapit na akong magbeinte kwatro.

Sa loob, wala si Zsazsa. May note sa aking mesa, lumabas lang daw s'ya, inihatid ang kanyang tatay sa grocery, dala-dala si TC. "Sorry, hapunan na lang."

Bahala s'ya. Si Aiko ang hapunan ko mamaya.

Sa rocking chair ako ni Zsazsa umupo. Hindi tulad sa impyernong AVR-7, banayad lang ang lamig ng aircon sa dept. Tumingin ako sa kisame, walang nakitang butiki. Lampas alas diyes na pero ako pa rin ang tanging tao sa dept. Inisip ko kung hihintayin ko si Zsazsa, hahanapin ko si Diana, o hindi na lang magtatanghalian at didiretso sa apartment ko.

Binasa ko na lang ang text ni Aiko. Tama ang aking hinala.

Jusko.

Tinext ko s'ya.

Ibinalik ko ang mga libro sa mesa sa aking backpack. Karga ang dalawang bag nilisan ko ang Departamento ng Humanidades. Sa

tapat ng NCAS dumadaan ang mga jeepney na dadalhin ako sa bukana ng Demarses. Sa Sta. Ana Dorm meron akong kwarto at banyo. Nandun na si Aiko. May susi s'ya. Dapat, huling taon na n'ya 'to sa kolehiyo. Dapat, maglaLAE s'ya sa Diliman. Dapat, mag-aaral na s'yang maging abogado. Dapat, tutulungan ko s'ya.

Titi ng Ama.

Titi ng Ama, nakabuntis ako ng estudyante.

**Kabanata 2**

Tatlong palapag ang Sta. Ana Dorm. Dalawang pad sa unang palapag, apat sa ikalawa, at isang buong bahay sa ikatlo. Bawat pad halos kasing laki lang ng CR namin sa dept, kasya ang isang double deck tsaka banyong may shower at inodoro. Dalawahan dapat ang renta, kaso nga dahil maliit madalas isahan na lang. 'Yun ang nangyari sa amin ni JB.

Sa second floor ang pad namin. Magkabilaang dulo. Katabi n'ya ang pad ni Soc. Ang pad na katabi ko laging nagpapalit ang omookupa (apat na estudyante sa apat na sem ko sa LB). Sa unang palapag, sa ilalim ng pad ni JB, doon si Andrew, dating estudyante ko. 'Yung isa pa, hindi pa yata naookupahan. Sa ikatlong palapag, doon nakatira ang syota ng anak ng panginoong may lupa namin. Libre raw s'ya, sabi ni JB.

Pagbaba sa bukana ng Demarses dadaanan ko ang gusali ng Ellen's Chicken, sa basement nito naroon ang aming palagiang pinagkocomputeran: ang Jodsh. Lalampasan ko 'yon ngayon, kahit nangangati na akong mag-Internet. Dadaanan ko ang bakanteng lote kung saan nagpapark ang mga jeepney na umaakyat hanggang Forestry. Pagkatapos nun ang mas murang Internetan ng Chog's (laging puno kaya di namin naging tambayan ni JB), pagkatapos nun ang Villamora House for Ladies, dorm ni Pom, at pagkatapos nun kakaliwa ako sa eskenita papunta sa back entrance ng Sta. Ana.

May malaking lock ang gate (ako na lang ang may susi kasi nanakawan si JB ng wallet noong bakasyon at hindi yata alam nina Soc at Andrew na pwedeng humingi). Umiyak ito nang aking buksan. Isang metro lang mula sa gate ang pad na hindi pa nirerentahan, at sa kaliwa nito ang hagdan paakyat sa aking tahanan.

"Ai?" Kumatok ako, sabay bukas ng pinto. Nakahiga s'ya sa babang kama ng double deck. Sa ibabaw na kama walang kutson (isinama ko ito sa kutson ng una), tambakan ko ito ng mga papeles sa pagtuturo at pag-aaral. Naroon din ang maleta ni Aiko. Isinara ko ang pinto. "Brownout?" Hindi ako nag-eelectric fan, malamig sa LB kahit tag-init, buksan lang ang mga bintana, pero katakatakang patay ang ilaw.

"Natulog kasi ako." Halos bulong ang kanyang pangungusap. Alam n'yang gusto kong ipaabort ang bata. Alam n'yang alam kong gusto n'yang hindi tapusin ang fetus. Alam n'yang papayag ako sa kung ano ang gusto n'ya. Alam n'yang alam ko na nagpapanggap lang s'yang gusto n'yang ipaabort ang pagbubuntis para hindi ako mapilitang maging ama.

Andami naming alam, pero wala kaming naiintindihan.

Sana magawa ko—namin ang tama.

Ibinaba ko ang aking mga bag at umupo sa tabi n'ya. Hinaplos ko ang kanyang buhok. Maikli na ito, at kulay kahel. Sabay kaming nagpagupit at nagpakulay noong bakasyon (asul ang akin). Maganda pa rin s'ya kahit aburido, payat pa rin kahit buntis. Bakat pa rin ang kanyang bungo sa sobrang banat ng kanyang balat. "Apollinian" na ganda, iyon ang sabi ni JB. Sa labas nagsimulang umulan. "Punta tayong OB mamaya?"

"H'wag na. Sigurado ko na naman."

"Jan lang sa St Jude, jusko, ilang kanto lang. Para sa sanggol, malaman natin ang lagay."

Tumalikod s'ya sa akin, umikot sa kama para humarap sa pader. "Fetus, hindi sanggol. H'wag na nating kilalanin, baka maattach pa ako."

"Ano naman kung maattach tayo sa magiging anak natin?"

"Walang magiging anak. Ipapaabort ko 'to."

Pumasok ang anggi sa kwarto. Tumayo ako para isara nang bahagya ang bintana. Bagaman masikip, nagpilit akong maglagay

ng mesa para may espasyo sa pagtsetsek.  Umupo ako sa silyang partner ng mesa.  Malinis ito ngayon, simula kasi ng sem, wala pang coupon bond at bluebook na kailangang bunuin.  Meron nga lang fetus na gusto kong patayin pero ayaw kong patayin kasi ayaw patayin ni Aiko, at gusto n'ya itong patayin kasi gusto ko itong patayin.

"Hindi kita maaaring pakasalan.  Pero pwede naman nating palakihin ang bata a.  Nang magkasama."  Bata.  Nang maging estudyante ko si Aiko isang taon na ang nakakalipas, bata pa rin s'ya.  Kakabeinte lang n'ya nitong Mayo.  Bata pa rin s'ya. Bata pa rin ako.

Nakarinig ako ng hikbi at alam kong ako na ang pinakamasamang tao sa mundo.

Hindi umiiyak si Aiko.  Kahit nung pansamantala kaming naghiwalay nung nakaraang Pasko.  Kahit kapag kinukwento n'ya ang tungkol sa kapatid n'yang special child na iniwan nila sa kanyang Lola.  Kahit nung mamatay ang tatay n'ya nitong Pebrero. Walang nagpapaiyak kay Aiko, at kinakahiya kong ako ang dahilan kung bakit nasira ang katotohanang ito.

Pero hindi ako umalis sa pagkakaupo.

"Tama na 'yan.  Pinasok natin 'to.  Hindi naman kita ginahasa di ba?  Hindi nga lang tayo nagcondom.  Hindi katapusan ng mundo.  Handa akong maging ama sa bata, at asawa sa 'yo, kahit hindi legal."

Tumigil s'ya sa pag-iyak, at lumakas ang ulan sa labas. Hindi ko narinig ang kanyang isinigaw.  "Pakiulit.  Ano?" Isinara ko nang lubusan ang mga bintana.  "Ai?"

"Sabi mo noon, nung huling araw na titser kita.  Sabi mo: pag nakasakay kayo ng motorsiklo, at wala kang helmet, hindi ka n'ya mahal."

"Ha?  Ano?"

"Hindi mo ako mahal."

"Dahil hindi kita mapapakasalan?"

"Dahil hindi tayo nagcondom." Humarap s'ya sa akin. "Ipapaabort ko 'to. Hati tayo sa bayad. Ilibing natin sa may Flatrocks, o sa Peak 2. Pagkatapos, maghiwalay tayo."

Sinugod ko ang kama. Pilit ko s'yang niyakap. Tinulak n'ya ako palayo. Tinulak n'ya ako hanggang nalaglag ako sa sahig.

"Ipaabort natin, o palakihin natin. Pero Titi ng Ama, h'wag mo akong iwan."

Tumayo ako, lumapit muli sa kanya.

Nakaluhod ako sa harap ng ulo n'ya.

Isang maikling halik.

Sa sobrang lakas ng kanyang tulak nawala ako sa balanse. Bagok ang ulo sa mesa.

Masakit, pero hindi naman gaanong masakit. Ang kaso: malakas ang tunog ng pagkakaumpog. Fumeyk na lang ako. "Aray, aray," bulong ko, kunwaring sa sarili lang gustong iparinig. Hinawakan ko ang aking ulo, simulasyon ng pagsabunot sa sarili. Nagposisyong fetus ako, tuloy pa rin ang ungol.

Minsan, isang malaking away ang naganap. Sa kwartong ito rin naganap. Ibang lalake yata ang dahilan. Titi raw ang gamit ko imbes na utak, wala raw saysay ang aking pagseselos. Wala raw akong tiwala sa kanya, kaya hindi ko s'ya mahal. Sa paghiga sa kama, tumalikod s'ya sa akin. Lumipat ako sa sahig, tutal naman hindi ako makatulog nang galit s'ya sa akin. Mga alas dose ito ng gabi, wala na 'kong nagawa kundi ang tumingin sa labas ng bintana, sa walang bituing langit. Madaling araw bumangon s'ya, para siguro umihi. Nag-aalala yata nang maramdamang walang katabi. Natagpuan n'ya ako, gising pa rin, bato ang kama, wala man lang kumot. Pinatawad n'ya ako.

Minsan talaga, kailangan ng paawa epek. S'ya rin naman ginagamit ang estratehiyang ito.

Babae man o lalake, wala yatang makakatiis saktan ng iba ang sarili dahil sa kanila.

"Huy," sabi n'ya ngayon, "ok ka lang?"

"Kailangan kita," bulong ko. Malakas na bulong.

Bumangon s'ya at inakay ako papunta sa kama.

Nakahiga, binasa namin ang ilalim ng kamang pangtaas. Isa lang ang nakasulat dito nang simulan kong rentahan ang kwarto: "Mark was here." Liquid paper ang ginamit. Dinagdagan ko sa pamamagitan ng bolpen: "Now U is." Nang una s'yang pumunta rito, estudyante ko pa rin s'ya. Kasama n'ya ang isang kaklase, estudyante ko rin, kaibigan ko rin, gradweyt na ngayon. Dapat hihiram sila ng libro para sa riserts sa ibang klase. Tumayo lang si Karina, tumingintingin sa mga papeles na nakabalandra, paminsanminsa'y tumitingin sa labas. Sadyang mapagmasid, bago pumasok tiningnan pa nito kung saan ang bahay ni JB. Si Aiko: humiga agad. Nang mabasa ang palitan namin ni Mark, nanghiram s'ya whiteboard marker at nagsulat: "Ai was too, momentarily..." Pagkatapos ay tumayo, kinuha na ang librong kailangan at hinila si Karina palabas.

Niligawan n'ya ako pagkatapos ng sem (may tipo kasi akong iba nun, Born Again!). Kalauna'y niligawan ko na rin s'ya. Ang ikalawang beses na s'ya'y mapadpad sa aking pad ay ang gabing nagsagutan kami ng pag-ibig. At isinulat n'ya: "Ai will stay here as long as U does." Sa una naming away na malaki: "Ai will..." Sa una naming lunaversaryo: "Ai will stay." Sa una naming anibersaryo: "Ai and U will..." Dulo ng Marso 'yon. Malapit nang matapos ang unang Linggo ng Hunyo ngayon. Dalawang buwan na s'yang walang mens. O tatlo?

Hinaplos ko ang ink ng mumurahing pentel pen, medyo pumupusyaw na sa marupok na plywood. Kung kwento lang 'to, maaasiwa ako sa masagwang simbolismo. Dahil buhay ko, pait at hindi suklam ang aking naramdaman.

Hinarap ko s'ya. "Mahal kita."

"Hindi ka naghelmet."

Tinakpan ko ang aking mukha. Ayaw kong isipin n'yang pagmamakaawa (o: emotional blackmail) ang aking pag-iyak. "H'wag mo akong iwan."

Hinalikan n'ya ang aking mga palad. "May kinuwento ka sa akin, nang una kong sinabing mahal kita. Kasi meron kang ibang gusto, kaya tinanggihan mo ako. Nakakahiya, sa email ko pa dinaan, pero—"

"Friendster message."

"Ha?"

"Sa Friendster ka unang nagdeklara."

"Tama. Tama. Lagi ka talagang tama. Di ba nga, ang sabi mo noon: hindi kita mahal, iniibig kita. Ang sabi mo, ang pagmamahalan, relasyon ng dalawang taong nasa tuktok ng magkaibang bundok. Masaya silang magkasama, masaya silang magkahiwalay. Masaya silang alam na masaya ang isa't isa, kahit na hindi sila ang dahilan. Masaya sila kahit ang alam lang nila'y buhay ang isa. Sa pag-ibig, ang isa nasa tuktok ng bundok, at isa'y nasa paanan. 'Yung nasa paanan, hindi kumpleto na wala 'yung nasa tuktok. Hindi s'ya masaya hanggang hindi sila magkasama. Kaya kasuklamsuklam para sa iyo ang umiibig, kasi hindi s'ya masaya na mag-isa. Malakas ang tama nun sa akin. Kasuklamsuklam pala ako sa iyo..."

"Hind—"

"Patapusin mo na muna ako. Meron nang desisyon e. Iiwan kita."

"Dahil hindi kita mahal? Dahil iniibig na kita? Kasuklamsuklam na ako sa iyo?"

Umiling s'ya. "Dahil nasa paanan pa rin ako ng bundok. Dahil hindi ko pa rin kayang wala ka." Narinig ko s'yang humikbi, kaya tinanggal ko ang takip sa aking mga mata. Kung

itutuloy lang namin, mapupuno namin 'tong kwarto ng luha. "Gusto ko, maging masaya ako kahit ang tanging alam lang ay buhay ka. Gusto ko, kahit isang beses, mabigyan kita ng pagmamahal."

Niyakap n'ya ako. Mahigpit na mahigpit.

Hinalikan ko s'ya.

Tumigil ang kanyang yakap. Inabot n'ya ang aking zipper.

Tinanggal ko ang kanyang bra.

Kung hindi lang sana s'ya buntis, nagkandarapa ako para makuha ang condom sa aking bag.

Malumanay ang aming naging pagtatalik. Haplos sa suso, himas sa titi. Halik sa labi, halik sa puke. May konting sabunutan, pero wala nang tanggalan ng bulbol. Alam namin parehong wala nang walong buwan at hindi na kami magkikita pang muli.

Hindi na ako nabigla nang ialok n'ya ang kanyang pwet.

Hindi rin s'ya nagtaka nang tumanggi ako.

Gabi na nang matapos kami. (Isa ito sa mga konting pagkakataon na hindi ako nagpremature ejaculation.) Kadalasa'y natutulog kami pagkatapos. Ngayo'y pinilit kong manatiling gising para pagmasdan ang kanyang pagtulog. Ito na marahil ang huling tulog n'ya sa pad. Ito ang unang beses na hindi ako nanggalaiti sa kanyang hilik. Bumigay din ako sa dulo. Mahirap hindi matulog kapag ipinaghehele.

Nagising ako ng tawanan sa labas. Maraming dumadaan sa eskinita papunta sa ibang boarding house, at naging sanay na ako sa ingay na 'to. Iba ang nanggising sa akin. Mas malapit ang pinagmumulan ng mga tinig. Bumangon ako, binuksan ko ang ilaw.

May dalawang tao sa labas. Batay sa anino, nagsisigarilyo sila sa may hagdan patungo sa ikatlong palapag, malapit lang sa pinto ko.

Mga bagong boarder siguro. Dapat sinabi ng panginoong may lupa! Talaga naman!

Nagbihis ako. Ayokong magising ng ingay nila si Aiko.

Pagbukas ko ng pinto, sinong tatambad sa akin kundi si Long Sleeves at si Sando.

Pareho na silang nakasando ngayon. At nakashorts.

"Putang ina," sabi ni Long Sleeves. "Ikaw 'yung nakikipagkantutan kanina?"

"Titi ng Ama!" Sinunggaban ko s'ya. Kamao sa ilong.

Sumagot s'ya ng sapak sa sikmura. Sinipa naman ni Sando ang aking tagiliran.

"Titi ng Ama!" sigaw ako nang sigaw, dahil sa galit. At dahil alam kong bubugbugin nila ako kung walang pipigil.

Isang beses na lang ako nakasuntok.

Tipong tagteam beatdown ala WWF na ang mangyayari nang bumaba ang syota ng anak ng panginoong may lupa mula sa ikatlong palapag at lumabas si Soc mula sa kanyang kwarto.

"S'ya ang nagsimula! S'ya ang nagsimula!" Hinila ako palayo ni Soc habang hinarap ni syota ang dalawa. "S'ya ang nagsimula, nanahimik kaming nagsisigarilyo rito," sabi ni Sando. "S'ya ang nagsimula! S'ya ang nagsimula!" patuloy pa ring sigaw ni Long Sleeves.

Hinarap ako ni syota. "Totoo ba?"

Tumango ako.

Para sa aming tatlo ang impromptu spits ni syota. "Sa susunod na magsapakan kayo, papaalisin ko kayo." Bumaling ito sa dalawa. "At kung gusto n'yong manigarilyo, sa harap ng pad n'yo. Balik na." Matangkad si syota, bato-bato ang katawan. "Balik na sa kwarto n'yo."

Nginitian ako ni Long Sleeves. Angil naman ang paalam ni Sando. Sa pad sa gitna ng amin ni Soc sila tumuloy.

Ha! Wala pa ring tao sa kwarto sa ilalim ko.

Umakyat na si syota sa ikatlong palapag.  Nagpasalamat ako kay Soc.

"Wala 'yon.  Kupal 'yang dalawang 'yan.  Pi Beta.  Dapat kasi hindi na sila tinanggap.  Dapat nga pinaalis na sila dahil sa ginawa nila ngayon.  'To kasi si Janus e…  Kami sa Sigma Omega...  E, h'wag na nga!"  Kinamayan n'ya ako, pagtapos ay bumalik na rin sa kanyang kwarto.

Nilamukos ko ang aking mukha.  Nang makitang wala namang dugo sa aking panlinis na palad, bumalik akong muli sa pad.

Diretso ang upo ni Aiko.  Sa kanyang harap may alkohol, bulak, tawel at tabo ng tubig sa mesa.  "Isara mo 'yang pinto," sabi n'ya.  Bukas na ang mga bintana.

Sumunod ako.

"Dito ka umupo sa kama."

Sumunod ako.

May sugat pala ako sa noo.  Hindi ko napasadahan.  Hindi naman umaagos ang dugo, kaya siguro maliit lang.  Sumakit nga lang nang buhusan n'ya ng alkohol.  Pero ininda ko.  Hindi naman nito mapapantayan ang hapdi ng pag-alis ni Aiko sa buhay ko.

"Dito na lang siguro muna ako matutulog hanggang hindi ka nakakalipat."

"Akala ko—"

"At h'wag mong sabihing sila ang dapat lumipat.  Papatay na nga tayo ng bata, magpapakamatay ka pa."

Tumango na lang ako.  Titi ng Amang Long Sleeves at Sandong 'yan, nagkaroon pa tuloy ako ng utang na loob sa frat.

**Kabanata 3**

"Sigurado kang ok lang sa Bugong?" Binuksan n'ya ang aking kabinet, ang aming kabinet, at kumuha ng puting t-shirt (bili ko sa kanya, mula sa Fig Tree line ng Top 40: "Jesus Inside," paironic baga). "Pwede akong bumili ng Baliwag."

Paborito ko ang Baliwag manok, madalas kaming magBaliwag Nights nina JB at Zsazsa (paminsanminsan nakakahila ng ibang co-teacher. Ni minsan di sumama si Aiko): dalawang manok, sandamukal na kanin at dram-dram na Coke. Kung iyon ang aking hihilinging bilhin n'ya, kakailanganin pa n'yang sumakay ng jipni. Samantalang lalakarin lang n'ya kung sa Bugong, malapit lang sa Demarces ang Vega (galing 'no, mall katabi ng Unibersidad?). "Bugong na lang, ok din naman ang manok nila."

"Coke?"

"Oo, oo. Kahit konti lang." Sa normal na gabi ako o magkasama kami sa pagbili ng pagkain. Ang kaso'y mahirap pala ang nabubugbog. Kanina pa ako nasusuka. S'ya itong buntis at kailangang magpahinga, s'ya pa ang kakailanganing magpagod para makakain kami. "Salamat ha?"

"Sino pa ang tutulong sa 'yo?"

"Ingat. Susi?"

Mula sa kanyang secret pocket nilabas n'ya ang kanyang swiss knife. Bukod sa munting kutsilyo't cork screw, nakakabit din dito ang mga susi n'ya sa aking—aming—apartment. Kumaway s'ya at lumarga na.

Nagconcentrate ako hanggang marinig ko ang iyak ng gate na binuksan at sinara. Ibinigay ko ang susi sa kanya nang maging kami. Naisip ko, maaari s'yang tumakbo rito sa bahay kahit wala ako kung sakali mang may problema s'ya't kailangan ng tahanan.

Sayang. Kung hindi n'ya ipipilit magpaabort (ngunit walang nakakapagbago ng isip n'ya pag nagdesisyon na s'ya), kahit hindi

kami pwedeng ikasal, ok naman sa akin ang ideya na maging ama. Matuturuan kong magbasa ang anak ko, masheshare ang mga paborito kong libro. Syempre Valedictorian s'ya mula elementary hanggang kolehiyo. At ang kakulangan ko sa pisikal na pakikipagtunggali, mapupunuan naman ng pagpapadala sa kanya sa sports seminar, Milo Best o Ovaltine Best o Tang Best o kung anuman. Siguro itutulak ko ang aking anak (babae man o lalake) sa agham. Ayokong magpilit s'yang maging katulad ko: manunulat kuno. Higit sa lahat ayaw kong pinipilit ang aking mga pangarap sa iba.

Sariling pangarap ang hahabulin ng aking magiging anak (sana).

Pero sa totoo lang, ok lang din ang magpaabort s'ya. Siguro'y pupugutan kaming pareho ng kanyang ina kung malalaman nitong nabuntis ko si Aiko. At kung maawa man ito't paputulan na lang kami ng mga daliri, saan naman ako pupulot ng pagpapaaral at pagpapaisports training (kalimutan na muna ang kakailanganing pera sa diaper at gatas)? Sa katorse mil na sweldo ko, sampu na lang ang natitira pag binawas ang buwis, PAG-IBIG, kurakot sa GSIS. E gastador ako, sine namin ni Aiko, mga interesanteng libro mula sa Fully Booked, A Different Bookstore, Aeon... Ito pang bayad sa Sta. Ana at bigay ko kina Mama...

Sa totoo lang, wala pang isang libo ang pera ko ngayon sa ATM. Hinihintay ko pa ang susunod na sweldo (ngayong Byernes, lingguhan kami) para may pambayad ako sa renta.

Tama, tama. Magiging mahusay akong ama. Balang araw. Pero hindi ngayon.

Tama. Tamang ipaabort ni Aiko ang fetus.

Pero kung magbabago ang isip n'ya...

Bata pa lang ako, nag-iisip na ako ng pwedeng pangalan ng aking anak. Noong nasa elementarya'y pangalan ng mga X-Men (buti na lang nagbago na isip ko, imbes na si Wolverine e si

Marc Logan ang maiisip ng mga tao sa aking panganay). Sa hayskul Urza at Mishra (mga tauhan sa *Magic: The Gathering*, card game). Sa kolehiyo, poseur: Nietzsche Christine, Mary Heidegger, Michelle Foucault, Anna Derrida. Ngayon? Kung babae (at babae talaga sana): Christianity.

Para pag nagkaroon s'ya ng pamangkin, ang tawag sa kanya: Auntie Christianity!

"This guy's is love with you pare." Kinapa ko ang kama, hinanap ang aking selepono. Si Aiko ang pumili ng message tone ko.

Isang mensaheng natanggap. Galing kay Zsazsa. Forward, Erap joke na isang dekada na yata ang tanda. Sumagot ako: "Sori, cdnt mk it 2 dner."

Ang reply: "Ano? Magtext ka nga nang parang tao."

Tikatik ng keypad: "Ang sabi ko, sorry hindi kita nasamahang maghapunan."

Baril, bata. "A. Ok lang. I was with someone. Still am. Sige, good night."

Hindi na ako sumagot. Nang-inggit pa ang bruha!

Ang kapatid ni Zsazsa, si Vanessa, may anak, si Karylle. Paminsanminsan bumibisita ito sa bahay ng mga magulang nila (kung saan nakatira pa rin si Zsazsa, kasi single pa). At paminsanminsan nakakalaro ko ang bata (kakatatlong taon nito nang magsimula akong magtrabaho sa LB). Trip na trip ni Karylle ang mga animal impersonations ko.

Kung sakali lang, sana, maririnig ko rin ang parehong tawa mula kay Christianity. Papalakpak din s'ya, tatalontalon.

Christianity, anak nina U, na anak nina Horacio at Santissima, at Aiko, anak nina Helen at Hector, na mga anak nina... Hindi ko alam. Noon ko pa proyekto ang genealogy ko, at pilit kong kinukumbinsi si Aiko na gawin ang pareho sa

kanyang pamilya (sa kanyang angkan, kasi Caviteña s'ya). Ayaw n'ya, ano raw ba ang kwenta nun?

Wa epek ang banat kong "Ang tunay na mahalaga ay iyong walang silbi."

Si Horacio ay anak nina Feliza (may-ari ng sari-sari) at Patricio (magsasaka). Si Santissima ay anak nina Justina (tagapamahala ng bahay) at Juan (katulong ng Eng'g). Kung paniniwalaan, si Feliza ay anak nina Crisostomo (haciendero) at Maria (mang-angawit), samantalang si Patricio ay anak nina Josefina (magsasaka) at Jose (ayon isang alamat-pamilya, mamamatay-tao, pero wala pa akong natatagpuang ebindensya). Pwera sa ama ni Justina (isang magbobote), ang identidad ng mga magulang ng mga magulang ng aking ina ay misteryo pa.

Kanina, habang sinasabuyan n'ya ako ng alkohol, kinausap n'ya ang kanyang sarili. Kung sakaling itago raw namin ang kanyang pagbubuntis, at dito s'ya sa kwarto ko maglagi. Hindi muna s'ya uuwi, laging may proyekto ang idadahilan sa ina. "At hindi rin ako pupunta sa ospital para manganak," pagtatapos n'ya sa monologo, "sa mismong kamang ito ako mismo magluluwal ng bata!"

Napatigil s'ya. Napangiti sa sarili.

Tumingin s'ya sa paligid.

Nakita n'ya ang agiw, ang kulubot na pintura sa mga pader, ang ipis na palibotlibot. Bukas ang bintana, at sa saktong sandaling iyon umihip ang hangin. Inusig sa halimuyak ng tae ng mga pusang gala ng Sta. Ana ang aming mga ilong. Umiling s'ya, ngumiwi.

Iyon, sa saktong sandaling iyon, nabuo na ang kanyang loob.

Siguro, iniisip n'ya, kung hindi sa ospital e sa piling ng mga tupa n'ya ipapanganak ang kanyang sanggol, 'yung tipong lugar na bibisitahin ng tatlong hari. Ha! Pareho lang kaming romantiko, parehong nakatira sa mundo ng panaginip.

At gusto kitang maging panaginip, Christianity. At sa ibang panahon sana panaginip ka. Pero sa ngayon, bangungot ka lang, gaano pa man kita kamahal, bangungot ka lang at kailangan naming magising. Kahit ang ibig sabihin pa niyon ay ang iyong kamatayan.

Titi ng Ama! Unang anak ko, papatayin ko. Parang si Abraham. O: si Rameses, dahil hindi ako, kundi ang aborsyonista (ang Moses ng kwento) ang gagawa ng pagpaslang.

Ako nga lang ang magbabayad.

Kung makahanap ako ng pera.

Mas mura ang Bugong kaysa Baliwag. Titi ng Amang tamod, pati tuloy manok ko kailangan nang tipirin.

Kung mananalo ako sa lotto, pwedeng hindi na ipaabort ni Aiko ang anak namin. Lagi na akong tumataya sa lotto ngayon, 42/6, 46/6, kahit nga 'yung 4 digits. Oo nga pala. Sa kalendaryo ng aking selepono nilagay ko sa reminder list na kailangan kong bumili ng dyaryo bukas, para sa resulta ng bolahan. Laos na raw 'yung padyaryodyaryo pa, pwede na naman ngayong itext na lang para malaman ang lumabas sa lotto. Ewan, siguro purista pa rin ako, sumusunod pa rin sa tradisyon. Tsaka, hindi lang naman lotto results ang tinitingnan ko sa dyaryo a, binabasa ko rin ang komiks.

Astig ang selepono ko. China phone, ang tawag ko'y Tejano 2020. Lahat kasi ng Filipino Nokia, Ericsson, Samsung, para bang ang brand ang garantiya ng husay. Di ko hilig 'yung sumasabay sa daloy. Gusto ko sarili kong direksyon ang nilalangoy. Madalas pagtawanan ni Aiko ang aking selepono ("Steg" ang tawag n'ya rito, dinosaur daw kasi sa laki). Bakit, ilang pics ba ang kayang magkasya sa 8800 n'ya?

Puro larawan n'ya ang laman ng T2020 ko.

Karamihan sa mga larawan ay sa kanya...

Pero may ilang hindi.

Pumunta ako sa Gallery, hinanap ang Pix folder. Ai. Ai and U. Ai's family. Ai's barkada. Ai at school. Ai asleep, puro Ai ang pangalan ng folders. Pero sa huli: End.

Mabuti 'yung paminsanminsan may ibang inaalala, may ibang mukhang hinahangaan.

Pinakiramdaman ko ang aking paligid. Wala akong narinig na paang parating.

Iiyak ang gate namin kung sakaling bumalik na s'ya.

Binuksan ko ito.

Angel Locsin. Toni Gonzaga. Edward Norton. At mga dating estudyante. Si Karina. Si Nina. Si Miren. Si Jane at Dulce. Si Amy, isa pang kaibigan ni Aiko. Napakaganda, sayang lang at naunahan ako ni JB. O ni Denis? Nakalimutan ko na.

Iba si Amy sa mga naging estudyante ko sa LB. Una, s'ya lang yata ang babae rito na maikli ang buhok. Malaki ang mga mata, parang anime. At maputi, maputingmaputi. Mataas. Punggok ako, pero kahit si JB mukhang dwende kumpara kay Amy.

At kung manlandi, naku!

Noong estudyante ko pa, pagkatapos ng bawat klase magtatanong. At hindi lilipas ang isang araw na hindi s'ya pupunta sa cubicle ko para magkonsulta. Kahit hindi para sa subject na itinuturo ko (minsan nga'y nagalit sa akin si Zsazsa kasi tinuruan ko tungkol sa report na dapat sariling riserts...). Nang wala nang mapiga sa akin, pati tungkol sa Math nagpaturo.

Walang hawakhawak a, puro lang salita.

At ngiti. At tawa.

Paminsanminsan nandidila.

At jusko lang a, 'yung dilang 'yon. Isang dangkal yata ang haba.

Minsan, minsan lang (hindi pa naman kami ni Aiko), sinubukan ko. Tutal naman, hindi ko na estudyante si Amy.

Hapon na noon, isang beses nang dumaan si Ate Dairy, nagbababalang tatlumpung minuto na lang lights out na. Nagkukwentuhan na lang kami tungkol sa kung ano-ano, kakatapos lang ng interbyu n'ya sa akin para sa klase n'ya kay JB (naks, young upcoming writer, yowwie, ang taguri sa akin). Patay na ang air-con, malapit nang patayin ang mga ilaw.

Nagpapaypay si Amy. Pinapaypayan n'ya rin ako.

Tinanggal ko ang pinakataas na butones ng aking polo.

"Maitim pala kayo, Sir."

"Hindi naman oy."

"H'wag nga kayong self-contradictory. Kakakwento n'yo lang na nung bata kayo Boy Negro pang-asar sa inyo ng mga Kuya n'yo."

"Noong bata ako 'yun!" At hindi na nag-iisip, tinanggal ko ang lahat ng butones. Binuksan ko ang polo. "O, maitim ba?"

Nasa likod ako ng mesa. Nasa harap s'ya ng mesa. Tumayo s'ya at yumuko para inspeksyunin ang aking balat. "Ang itim-itim talaga! Parang tutong na kanin ang hitsura. Siguro ganun din ang lasa."

"Mahiya ka nga." Tumayo ako para masilip ang kanyang mga suso. "Tikman mo pa. Parang bagong saing ang hitsura't lasa."

Dinilaan n'ya. Mula itaas ng pusod hanggang paa ng leeg. Pataas. Pababa.

"Ano?"

"Mapanghi."

"Amoy kaya 'yun, hindi lasa!" Dinakma ko ang kanyang kaliwang suso. Parang nilikha upang magkasya sa aking kamay. Piniga ko.

Ngalangala ko na ang kanyang dinidilaan. Iyun kaya, mapanghi?

Kaliwang kamay sa kaliwang suso, napadpad ang aking kanan sa dulo ng kanyang spaghetti. Kumalas ako mula sa kanyang bibig para matanggal ang kanyang pantaas.

Kulay itim ang kanyang bra. "Ikaw pala ang dapat tinatawag na Boy Negro e!" Sa mga sandaling ito natanto ko na kapag may natira pa palang ibang guro sa mga cubicle, o mahilig palang mampractical joke si Ate Dairy at nirerecord ang aking ginagawa e paalam pagtuturo, hello *Los Baños Sex Scandal* star ang bagsak ko. Pero wala akong pakialam.

Madalas mas maputi ang mga suso (at piging) ng isang babae kaysa kanyang balat sa hita't braso. Pero kung indikasyon ang kulay ng puson ni Amy, para sigurong liquid paper ang kulay ng kanyang mga dodo.

Hinablot ko ang kanyang bra.

Hindi ko alam kung paano s'yang napunta sa ibabaw ang aking mesa. Hindi ko na rin alam kung paano napunta ang aking bibig sa kanyang dibdib.

"Sir?"

Hindi ako sumagot. Sinusubukan kong tanggalin ang kanyang pantalon habang dumedede.

"Sir?"

Kinagat ko nang bahagya ang kanyang utong saka kumawala. "Gusto mong umatras?"

Umiling s'ya. "Sir, 'yung videocam ko po, di ko pa pinapatay."

Nasa ibabaw ito ng bookshelf ko. Kuha lahat ng interbyu, pati na ang sagpangan namin. Titi ng Ama, LBSS nga!

"U? Anjan pa ba kayo? Papatayin ko na ang ilaw."

Titi ng Ama, kung itutuloy namin 'to, pagsasarhan kami ng pinto. Kung hindi naman, sasabog ang mga itlog ko't kakalat ang tamod sa aking tyan.

"Ok lang sa aking mag-over night..."

Umiling ako. "Tatalon tayo mula sa bintana." Estima ko hindi naman hihigit sa isang oras ang pagtatalik namin.

"U?"  Hay naku, Ate Dairy!  "U?"  Para kaming estatwa ni Amy nun, parang bato para hindi matunugan.  Stedingstedi rin ang titi ko.

Namatay ang mga ilaw.  Hindi ko na pinatay ang camera ni Amy.  Sa itim ko ba naman, sigurado ko s'ya lang ang makikita sa playback.

A... Amy!  Ngayong pinagmamasdan ko ang iyong mukha, hindi ko mapigilang mangulila.  Grumadweyt s'ya sa sem na iyon, bumalik sa Zambales.  Nasa akin ang (sabi n'ya) ang tanging kopya ng aming interbyugyugan.  Naniniwala ako.

Isang tao lang ang nakapanood nun, bukod sa aming dalawa.

Isang taong hindi ko malaman kung saan na napadpad...

A... Amy!  Hanga ako sa iyong pangarap.  Sana'y maging sikat kang reporter sa Zambales.

You have the brains.  And the looks.

Ngiti n'ya lang...  Tinanggal ko ang aking shorts.  At ang aking brief.

Umiyak ang gate ng Sta. Ana.

Nabagsak ko ang aking selepono sa pag-igpaw mula sa kama. Isang hila lang hindi na ako hubo.  Binuksan ko ang pinto, hinanda ang aking ngiti para kay Aiko.  Oo nga pala, may pasalubong akong pabango sa kanya (Mirage), tsaka gintong bracelet.  Medyo ginto, pirata ika nga, it's the thought that counts naman di ba?

Pero hindi si Aiko ang paakyat papuntang ikalawang palapag. Ang syota ng anak ng aming panginoong may lupa.  Hindi ko namalayang lumabas pala s'ya, bakit hindi ko narinig ang pagbukas ng gate?  At isa pa: paano s'yang nagkaroon ng susi?

"Ikaw pala," sabi n'ya.

"Ako nga."  Nagtinginan kami sa harap ng aking pinto.  "May susi ka na pala."

"A, oo."  Nagkamot s'ya ng ulo.  "Lahat na may susi, kahit 'yung dalawang kumag.  Kaya ingat ka.  Lalagyan na rin pala ng lock 'yung gate sa harap, bibigyan tayong lahat ng susi, walang problema."

"A..."

"Sige, akyat na ako."

Bumalik ako sa loob.  Pinulot ang walang gasgas (kasi world class!).

Naghintay si Amy para sa akin.  Nakangiti pa rin s'ya.  Liquid paper pa rin ang kulay ng mga suso.

Nakatayo na lang ako nagjakol.  Wala nang tanggalan ng pambaba.

Basta, hinablot ko ang aking titi at nagsimulang magpantasya.

Titi ng Amang dila 'yan!

Umabot kami ng dalawang oras sa departamento...

"Hoy!"

Bagsak ulit ang T2020.  Pero hindi maalis ang kamay sa titi ko.  Saktong pagsara ni Aiko ng pinto ang pagharap ko sa kanya at pagraket ng tamod.

Binalibag n'ya ang Bugong sa mesa.  "Nagmamadali ako't akala ko gutom ka.  Sa ibang uri ng laman ka pala hayok."

Dapat humingi na lang ako ng paumanhin.  "H'wag ka ngang manigaw.  Kung nagjakol na lang ako, e di sana hindi mo na kailangang magpaabort!"

Sinampal n'ya ako.  Lagatok ang aking leeg.

Kasabay ng paglapat ng kanyang palad sa aking pisngi ang ingay ng nababasag na salamin.  Tipong binatong bintana, o nabitiwang telebisyon.

Pareho kaming napatitig sa kanyang kamay.

Mula sa labas nanggagaling ang ingay.  At patuloy lang ito. Kahoy naman ngayon ang winawasak.  May nagsisigawan din. Namumukhaan ko ang mga boses, pero imposible...

Tumango si Aiko.  Humiga s'ya sa kama.  Hinalikan ko s'ya. Kinuha ko ang susi mula sa kanya.  Pinatay ko ang ilaw, tsaka lumabas.  Nilock ko ang doorknob.

Ang inakala kong matatagpuan ay si JB, hindi maipaliwanag na nasa LB na gayong isang linggo pang inaasahan.  Akala ko makikita ko s'yang binubugbog ang dalawang fratmang dumurog sa akin.

Ang natagpuan ko'y hubad na JB.  Hubad na Zsazsa.  At isang nagwawalang Nina.

**Kabanata 4**

"Minamasahe?"

"Oo," sabi ni JB. Tumango naman si Zsazsa, pero nakasimangot s'ya.

Sabagay, lagi naman s'yang nakasimangot. "Sige, sasabihin ko."

Lumabas ako sa pad ni JB at tumungo sa akin. Dinaanan ko ang ngingisingising Long Sleeves at Sando. May kasama sila, tatlo, "Brod" syempre ang tawagan nila habang nang-uuyam. Brotherhood of Evil Mutants.

Bukas ang pinto ng aking kwarto. Nakaupo sa kama sina Nina at Aiko. Umiiyak si Nina.

Sinara ko ang pinto. Ako ma'y duda sa palusot nina Zsazsa. Pero mas kahindikhindik isiping nagsesex ang dalawa mong kaibigan, kaya naniwala na rin ako. "Minamasahe lang naman ni Zsazsa si JB. Masakit kasi ang likod n'ya, scolio yata, sabi ng doktor sa Infirmatay."

"H'wag mo ngang ipagtanggol 'yang kaibigan mong Coveteño."

Nagtatanong ang mga matang binaling ko kay Aiko.

"Coveteño. Covet nang covet."

Tumabi ako sa kanya. "Hindi naman wife o ass ng neighbor ni JB si Zsazsa e, tsaka wala namang masama kung minamasahe nila ang isa't isa."

Niyakap ni Aiko palayo sa akin si Nina. "Napanood ko na 'to sa *Pulp Fiction*. Ikaw ba, magpapamasahe kay JB?"

Titi ng Ama, ako nagyayang iyon ang hiramin naming DVD, ako pa ngayon ang nilelektyuran. "Hindi, pero hindi ibig sabihin nun e pinagtataksilan ni JB si Nina." E hindi ko man lang nga alam na nagshoshoplakan sila. Kailan ba naging estudyante ni JB ang uhuging 'to? Noon pa bulong nang bulong sa akin si Zsazsa, hindi ko naman pinapansin. Tsaka, kung totoo man, anong aking

gagawin?  E pareho lang naman kaming pumapatol sa estudyante. Mas mabilis nga lang s'yang magpalit.  Ako, kada sem, tas ngayon kumited na kay Aiko.  Si JB?  Titi ng Ama, si Denis lang yata ang mas makalaglag-panty, at natanggal si Denis sa dept dahil sa sexual harassment.  "Ang mas mabuti pa'y sila ang mag-usap."

Napatayo ako sa biglang bulong ni Nina.  Parang galing sa libing ang kanyang tinig.  "Nandun pa ba si Ma'am?"

Buong-galang sa "ma'am."  Ipabigkas ko kaya ang "sir" sa kanya.  "Paalis na."

Naging hagulgol ang kanyang pag-iyak.

"Alis," sabi ni Aiko.  "Alis!"

Bumalik ako sa pad ni JB.  Mag-isa na s'ya, sa pagsara ko ng pinto ng kwarto narinig ko ang pag-ugong ng Toyota ni Zsazsa. "Hoy, Jacob, ano na'ng plano mo?"

Nasa harap s'ya ng computer, nakaupo sa swivel chair, naglalaro ng Hearts.  "Napanaginipan ko nang mangyayari ito."

Ito na naman kami!  Pinangangalandakan ni JB na ala propeta ang kanyang mga panaginip.  Humiga ako sa pambabang kama ng kanyang double deck.  Mahabahabang kwentuhan 'to.  "Sige nga, kung napanood mo na 'to, anong susunod kong gagawin?"

"Hihikab ka."

"Puro ka talaga katarantaduhan."  Humikab ako.  Sabay takip ng kamay sa bunganga.  "Pinagpala nawa ang iyong nasa sinapupunan!  Pa'no mo naman nalaman 'yon?"

Iniwan ng kanyang mga mata ang monitor.  Ngumiti s'ya sa akin, labas ang mga sungking ngipin.  Nanenedak.  "Napanaginipan ko nga."

Humikab ako ulit.  Gusto kong batukan ang aking sarili.  "O sige, Joseph the Dreamer, paano mo lulusutan ang panaghoy sa suba ng syota mong estudyante sa kabila?"

"Pupunta akong Egypt."

"Solusyon nga 'yan."

"Parang ikaw may mas magandang ideya!" Bumalik s'ya sa Hearts.

Kinapa ko ang ilalim ng kama. Inabot ko ang lata ng biskwit. "Oy! Ba't mo inubos?"

"Last sem pa 'yan, anong inaasahan mo?" Pinatay n'ya na ang Hearts at nagsimula ng Bookworm. "Kunin mo 'yung bag." Tumuro s'ya sa kung saan.

Sinundan ko ang kanyang mga daliri. Ang text n'ya sa aki'y matagal pa s'yang darating. Mukhang may kung anong dahilan at nasa LB na s'ya ngayon. Pero kung sasabihin n'ya sa akin ay kanina pa n'ya sinabi. So: sikreto. Bahala s'ya, sa kanya na ang sikreto n'ya, basta may pagkain ako. Bumangon ako't binulatlat ang kanyang varsity bag. "Galletas!" Binuksan ko ang plastik at humingang muli. "Aray!" Sintigas ng bato!

"Ang dami mong reklamo, wala ka namang natutulong."

"Kung gusto mong tulungan kita dapat may kapalit."

"Ano?"

"Tipong dapat dalhin mo ako sa tuktok ng Flat Rocks tas sasabihin mo akin na ang lahat ng aking makikita."

"Magpapakamatay na lang ako."

"Bawal 'yun. Galit Diyos." Nginata ko ang malabatong Galletas. "Sabagay, parang impyerno na rito."

Inabot n'ya ang mineral water sa kanyang paanan. "O."

"Oy!"

Maluwag ang pagkakatakip dito, kaya ayun, nabendisyunan ako.

Matagal kaming nanahimik pagkatapos ng paliguan. Nagpapakiramdaman. Tuloy s'ya sa Bookworm (walang kwenta, sayang ang pagod kasi hindi n'ya mababasag ang record kong sinet unang tulog ko sa kanyand pad, tatlong sem na ang nakalilipas). Tuloy naman ako sa ala dagang pagkagat. Mga trenta minutos yata ang lumipas bago s'ya nagsalita ulit.

"Hindi mo s'ya mapapatulog dito?"

"Ako yata ang matutulog dito.  Squatter sila sa bahay ko."

Nagtawanan kami.  Pagkatapos: katahimikan muli.

"Kunin mo na mga unan mo."

Balik ulit ako sa bahay.  Dala ang Galletas, bribe.  Isang unan lang ang pinalit para sa isang plastik ng tinapay. Sabagay, mas malambot naman ang nakuha ko.  Hindi ko maipinta ang mukha ni Aiko nang magpaalam s'ya sa akin sa pinto.  Hindi ko rin mawari kung ano ang nais n'yang iparating sa kanyang good night: "Harangin mo 'yang kaibigan mo.  H'wag mong papapasukin sa mga panaginip mo."

Isa pang pantasya 'yun ni JB, nakakapasok daw s'ya sa panaginip ng ibang tao.  Lahat ng kawirduhan ng mga kaibigan ko kinukwento ko kay Aiko.  Siguro galit s'ya kasi akala n'ya alam ko ang sikreto nina Nina.

Marahan ang pagsara n'ya ng pinto.

Nakalatag na ang banig ni JB sa aking pagbabalik.  Tulad ng dati, sa kanya ang sahig, sa akin ang kama.  Paano'y tulad ko puno ng libro ang pangtaas na kama ng kanyang double deck.  At di tulad ko meron s'yang hospitality.  Nang kinailangan n'yang makitulog sa pad ko, walang banig-banig sa sahig ko s'ya tinuro. Isa sa mga alaalang nais ko nang kalimutan.  Buti na lang hindi s'ya humihilik.

"Tulog na tayo pare."

Sinara ko ang pinto, nilock.  "Magtutoothbrush lang ako."

"H'wag ka ngang magpanggap."

Nagtawanan kami.  Pagkatapos, pinatay ko ang ilaw at humiga na.  Alas dose na halos, hindi ko sigurado pero mahaba ang naging pagdarabog ni Nina, at may alas syete pa akong klase bukas.  "Jacob?"

"Ano?"

Sa dilim nakita kong paikot-ikot s'ya. "H'wag mong papasukin ang mga panaginip ko."

"Sabihin mo tabitabi po."

"Tabitabi po."

"Sige."

Hindi ko alam kung ilang oras na ako nakatulog, wala pa sigurong isa. Nagising ako ng pagkatok. At ng munting tinig: "JB? Baby?"

Hinila ako ni JB patayo. Binuksan n'ya ang pinto. Pumasok si Nina. Lumabas ako. Pasuray-suray bumalik ako sa aking kwarto. Bukas ang ilaw, nakaupong higa si Aiko sa kama. "Tulog na tayo?" tanong ko.

"Subukan mo lang gayahin 'yang kaibigan mo," sabi n'ya, "subukan mo lang."

Pinatay ko ang ilaw at tumabi ako sa kanya.

Sigawan ng mga frat man ang huli kong narinig.

Pagsusuka ni Aiko ang gumising sa akin. Maliwanag na sa labas. Sa banyo tinulak n'ya ako palayo nang subukan kong hagurin ang kanyang likod. Tumayo na lang ako sa likod n'ya. Bakit s'ya nagsusuka? Ilang buwan na ba 'yung fetus? Di ba pag three months stable na?

"Maliligo ka ba?"

"Tatae muna sana."

"Mahuhuli ka sa klase."

"Kung hindi ako mag-aagahan aabot pa. Ten minutes late lang."

"Pwede bang mauna akong tumae?"

"Pwede habang tumatae ka maligo na ako?"

Tumango s'ya. Tinanggal ko ang butil ng kanin sa kanyang baba.

Mabilis akong maligo, matagal tumae. Pareho lang kami ni Aiko. Tapos na akong maghilod e preliminaryong utot pa lang ang

kanyang nagagawa.  Kaya, kahit hindi ko gawain, nagconditioner na lang ako.  Mabagal ang aking pagbabanlaw, pinanood ko s'yang magbasa ng *Seventeen*.  May lungkot sa bawat patak ng tae sa tubig ng inodoro.  Hindi na s'ya makakakabalik sa mundo ng mga modelo sa magazine.  Kalahati ng kasalanan ay akin.  At dahil dati n'ya akong guro, hindi lang kalahati.

"Pati kaluluwa mo babango," sabi n'ya nang magsimula ulit akong magsabon.

Pinahiran ko ng soap sud ang kanyang balikat.

"Oy!"

"Ilabas mo na kasi 'yan nang makaligo ka na!"

Inilagay n'ya ang *Seventeen* sa ibabaw ng bookshelf na nilagay ko sa banyo (pareho kaming mahilig magbasa habang tumatae) at nagsimulang maglinis ng pwet.  Tumayo na siya't tuluyang naghubad.

Bago ako umupo tiningnan ko muna ang laman ng inodoro. Naghalo dun ang kanyang tae at suka.  Pinindot ko ang flush.

"O, ba't ka nagflush?"

Hindi ako sumagot.  Kinuha ko ang *Caves and Shadows* mula sa bookshelf at nagsimulang magbasa.  Naligo na s'ya.

Sabay kaming umalis ng Sta. Ana.  Nakaputing racerback s'ya.  Nakaitim na polo shirt ako.  Backpack ako, handbag s'ya.

Noon pinapauna ko pa s'ya, takot na malaman ng ibang estudyante.  Nang mag-isang taon na kami, nagdesisyon kaming hindi na maglilihim, hindi na matatakot.  Alam na ng kanyang barkada ang aming relasyon.  Nangumpisal na rin ako kina Zsazsa at JB.  Bahala na ang ibang tao kung makita nila kaming magkasama.  Bahala na sila sa iisipin nila.  Wala na kaming pakialam sa kanilang paghuhusga.  Basta ang mahalaga'y mahal namin ang isa't isa.

'Yun dapat.  Kaso, kailangan n'yang magpaabort.  Kaso, pati pagfaflush pinag-aawayan namin.

Naghiwalay kami sa Vega. Dumiretso s'ya sa Gonzalez, dadaanan ang kaibigang kaklase sa major. "Mamaya, dinner, libre kita," sabi n'ya. Hindi na ako nakasagot. Akala ko'y nakalimutan na n'ya. Pero sa lamig ng kanyang pamamaalam, parang ganun na rin na nga. Walang halik, walang "Ingat!"

Sa parke sa harap ng Admin naglalandian ang mga estudyante. Sa mga bench sa tabi ng mga puno sa harap ng Dev Com nagtatawanan ang mga magkaibigan. Sa ilalim ng Pekpek Tower naglalaro ang mga batang lansangan. Dati, sabay kaming pumasok ni JB. Tas dumating si Aiko. Ngayon, lumalayo nang lumalayo si Aiko. Ngayon, mag-isa akong umakyat sa Hum Steps.

Huli ako ng sampung minuto sa klase. Dinatnan ko ang kwarto, wala nang laman.

Sana, hindi na brownout sa NCAS.

"Brownout pa rin," bati sa akin ni Zsazsa pagdating ko sa cubicle namin. Nakahiga s'ya sa kanyang rocking chair.

"Pansin ko nga," sabi ko, may kasabay na ngiti. Bakit kaya ako hindi n'ya inaalok ng masahe? Sabagay, hindi naman ako papayag. Pero masaya sanang maalok. "Nakita mo si JB?"

"Ay, oo nga pala." Tumayo siya't binuksan ang kanyang drawer. "O, pinabibigay n'ya."

Susi? "Binilhan n'ya ako ng kotse? Pero malayo pa ang birthday ko!"

Umirap si Zsazsa. "Bigay daw 'yan ng syota ng anak ni Bola. Para raw sa panibagong lock sa inyo."

Mula nang mangupahan kami sa Sta. Ana ay "Bola" na ang tawag ni JB sa aming panginoong may lupa. Ngayon, hindi ko na maalala ang tunay nilang apelyido. Gola? Tola?

May bumunghalit mula sa kabilang ibayo. Kilala namin ni Zsazsa ang tawa, alam namin kung saang cubicle pupunta.

Si Diana ang tumatawa, nakahawak sa tyan at halos mapaupo na sa sahig. Bungisngis n'yang katabi si Ma'am Leah, lalo pang

pumayat mula nang huli kaming magkita. Bakat na ang kanyang bungo sa sobrang banat ng kanyang balat sa ulo.

Nasa cubicle sila ni Sir Hesus, nakapalibot sa mesa ng tabachoy na pinuno ng Combatrin.

Ang labo naman ng mga co-teacher ko. Sabi nila, sa susunod na linggo pa sila pupuntang lahat. Tapos, ngayon, nandito silang lahat.

"Ano na namang kahalayan 'yan Sir?" Tumabi ako kay Ma'am Leah at inusisa ang kanilang pinagkakaguluhan. "Titi ng Ama ano 'yan!" Lumayo ako, pilit tinatakpan ang aking mga mata. Hagalpakan sila.

"Ano ka ba naman, U?" Hawak ni Zsazsa ang picture ng isang titing puro hikaw. "Akala ko ba avant-garde ka?"

Gusto kong dukutin ang aking mga mata. "Anong kinalaman nun sa butas-butas na titi?"

"Hay naku, parang hindi ka beinte kwatro—"

"Beinte tres!"

"Kung anuman." Pinalo n'ya ako sa braso. "Tama na 'yan. Hindi naman totoong titi 'yan e."

Tinanggal ko ang isang kamay-piring. "Hindi?"

"Pareho kasi kayo ni Leah," sabi ni Diana. "Uwi agad pagkatapos ng sem. Sa klase 'yan ni Sir Hesus. Huling project."

Tinapos ko na rin ang aking pagpakaPuritan. "Puro titi?"

"Alam mo parang hindi erotika ang pinagawa mong final paper sa klase mo," sabi ni Zsazsa.

"Iba kaya ang salita sa larawan."

"Kung anuman," sabay-sabay nilang sigaw. Sabay tawanan.

"Sabi ko sa kanila," sabi ni Sir Hesus, "idrowing nila ang kanilang pinakamahalagang pag-aari. Ayan, ari nga." Bagaman nakangiti s'ya, may lungkot sa tinig ni Sir. Sa balita ko'y isang semestre lang ang binigay sa kanyang kontrata. Pati yata

si Ma'am Leah. Sila kasi ang pinakaagit sa Combatrin. Sila ang laging pinagdidiskitahan ni Bernadette Kero, ang Chair ng dept, ang pinuno ng Incremin.

"Sabay-sabay tayong lunch ha?"

Bagaman ayaw kong manlibre, at sa puso ng puso ko'y hiling kong tumanggi sila, halos maiyak pa rin ako sa sabay-sabay nilang sagot: "Ay, sa susunod na lang. May kikitain ako e." Nagkatinginan silang lahat, tas nagtawanan.

Nagkibit-balikat na lang ako't bumalik sa cubicle namin ni Zsazsa. Humiga ako sa rocking chair. Pagkaraan ng ilang saglit, naroon na s'ya. "H'wag mag-inarte," sabi n'ya.

"Opo." Bumuntonghininga ako. Pag nalaman kong nagtitrip lang sila... naku! Hmp!

Binuksan ni Zsazsa ang bintana at nagsindi s'ya ng sigarilyo.

Ako nama'y tumingin sa kisame. Isa't kalahating oras ang sinayang ko sa pagbibilang ng butiki. Pagkatapos, oras na ng susunod kong klase. "Alis na ako."

"IRRI tayo?"

"Sige. Libre ko."

"Libre ko na. Para hindi ka umiyak."

"One pa ako makakabalik."

"Hihintayin kita."

"Salamat."

Pumunta na ako sa Old Hum. Hindi ko namalayan ang oras. Panay lang ang dakdak ko, dalawang Hum 1 na magkasunod. Sigaw ako nang sigaw, hindi ako tumanggap ng prerog. Nagpalabas ako ng nagpatawa sa recitation. Ginamit kong pang-ukit sa blackboard ang chalk para manrindi ang kanilang mga tenga. Ang mga akin siguradong dumugo. Ang sama-sama ng loob ko.

Ala una hindi ako dumiretso sa NCAS. Umupo muna ako sa isang bench sa may kaliwa ng Old Hum. Malamig ang simoy ng

hangin. Maraming buko sa paligid. Naalala ko ang mga unang buwan ko sa LB. Nagkakantahan pa kami nina Zsazsa at JB sa lugar na 'to, tipong Pearl Jam, o kaya Alamid. Tumatanda na yata ako. Sa nakaraan na ako nabubuhay. Tinext ko si Aiko. Hinintay ko ng sampung minuto ang kanyang reply.

"Baka nasa klase," sinabi ko sa katabi kong buko. Hindi ito sumagot. Marahil, tulad ko, hindi rin s'ya naniniwala.

Nakakasakal ang init ng dept. Wala si Ate Dairy sa reception area. Sa ibang ruta ako dumaan, iniwasan ko ang mga cubicle nina Sir Hesus. Pagdating ko sa cubicle namin ni Zsazsa, walang tao. Titi ng Amang buhay 'to, isang tao na nga lang ang nagpakita ng pagmamahal.

Umupo ako sa rocking chair at tumitig sa kisame.

Nagtanggal ako ng sapatos. Nagfetus position.

Itutulog ko na lang ang araw na 'to!

Aiko, Aiko, hindi mo na ba ako mahal?

Gusto kong sumigaw.

Sisigaw ako.

Eto na.

"Tit—"

"Happy birthday, Kuya U!" Si Carlo. Pitong taong gulang na anak ni Ate Dairy. "Happy birthday, Kuya U!" Si Carla, ate ni Carlo. Buhat ang dalawa ng kanilang ina.

"Happy birthday to you..." Mula sa kung saan-saang sulok nagsilabasan sila. Nabuhay ang mga flourescent lamp.

Titi ng Ama. "Papatayin ko ang nagplano nito."

Tawanan silang lahat. Si Ate Dairy. Si Sir Hesus, si Ma'am Leah, si Diana, si Zsazsa. Naroon din si JB, kasama ni Nina. At sa likod nila—si Aiko. Nakaitim na dress s'ya, may sequins 'to kaya para s'yang sumasayaw.

Gusto ko s'yang puntahan. Yakapin. Halikan.

Iyon ang aking ginawa.

Pinaligiran kami ng mga co-teacher ko, sakaling may Incremin na tumingin.  Sa ganung paraan pinatalsik ni Bernadette Kero si Denis noong nakaraang sem.

"Mahal na mahal kita."

"Mahal?"

"Mahal.  Pagmamahal 'to, hindi pag-ibig."

"O, keyk, keyk!"

Pinatong ni JB ang chocolate cake sa aking mesa.  Si Zsazsa ang naglagay ng kandila.  "Wish!  Wish!"

Pumikit ako.  Obyus naman siguro kung ano ang aking hiniling.

Kumanta sila ulit ng Happy Birthday, pagkatapos ay kumain kami.  May Coke, chocolate ice cream, pancit (pancit?) at, malamang si Ma'am Leah ang nagcontribute, tsitsaron!

Bumulong si Aiko sa akin: "Baliwag tayo mamaya."

Sinubuan ko s'ya ng keyk.  Bulong ko: "E 'yung…"

"Mamaya."

"Di ba ang napagkasunduan natin every other month lang? Hindi ba kita dinadaya?"

"Birthday mo naman e."  Ngumiti s'ya, at di ko napigilang halikan s'yang muli.

"Susmaryosep!" sigaw ni Ate Dairy.  "Teka lang, may nakalimutan ako."  Tuloy lang kami sa pagkain.  Hingal na hingal s'yang bumalik.  May dalawang isang dosenang rosas.  Nabilaukan ako sa Coke.  "Sorry ngayon ko lang naalala.  Kaninang umaga pa 'to dumating."

Tumingin ako kay Aiko.  Umiling s'ya.  Sabay-sabay sina Zsazsa: "Hindi galing akin 'yan."

E sino naman ang magpapadala ng rosas sa akin?  Isang tao lang ang nagbigay sa akin ng bulaklak noon, pero tapos na 'yon. Tsaka ayaw n'ya sa rosas.  Allergic s'ya rito.

"May card," sabi ni Ate Dairy.

Tumungga ako ng Coke sabay kuha rito. Binuksan ko ang card at binasa. Nahulog ko ang aking hawak. Buti na lang Coke in can.

"Titi ng Ama," sabi ko. Napangiwi ako agad, meron nga palang mga bata. Pero inulit ko: "Titi ng Ama."

"Bakit ba?" tanong ni Aiko. "Patingin."

Ayaw ko sanang mabasa pa n'ya ito. Pero wala akong lakas para tumanggi.

"Card lang nagmumura ka sa harap ng mga bata. Uhum-uhum." Pumowsing s'ya sa gitna ng cubicle, intriga naman lahat at tumahimik para makinig. Malamig sa tenga ang boses ni Aiko, palibhasa'y speech major. Ngunit sa kanyang binasa'y parang may kamay na yelong sumakal sa aking puso: "Mahal kong U. Huling kaarawan mo na."

**Kabanata 5**

"O, eto." Si JB ang nag-abot ng baso.

Hinimatay si Aiko. Binuhat ko siya't inihiga sa rocking chair. Panay ang paypay nina Ma'am Leah at Ma'am Diana. Patuloy ang paghaplos ko sa kanyang kamay. Kanino galing ang bulaklak? "Salamat pare. Oy! Bakit Coke?"

"Eto, eto." Si Zsazsa naman.

Kahit naman nga pala tubig ang meron ako, hindi ko rin naman mapapainom si Aiko hanggang wala s'yang ulirat. "Ai," bulong ko, "Aiko. Mahal. H'wag mo akong takutin. MagbaBaliwag tayo mamaya di ba?"

Mabagal ang taas-baba ng kanyang dibdib. Tinapat ko ang aking bibig sa kanyang tenga. "Ganda, gising na. Ganda..." Matagal ko na ring hindi nagagamit ang pet name ko sa kanya. Kahit na marinig na ng iba, bahala na. "Ganda!"

Biglang dilat ang kanyang mga mata. Sa wakas!

Niyakap ko s'ya nang buong higpit. "Ikaw talaga, alalang-alala kami!"

"Oy, ano ba?" May magkahalong tuwa at inis sa kanyang tinig. Natapunan ko pala s'ya ng tubig.

"Inom ka, inom." Pasinghot-singhot ako. "I baptize you in the name..."

Nagtawanan ang mga tao sa aming paligid, tsaka nagbalik sa kainan. Inubos ni Aiko ang natira sa baso. Panay pa rin ang haplos ko sa kanyang kamay. "Kumusta?"

Nagkibitbalikat s'ya. "Kilala mo ba kung sino ang nagpadala nun?"

Umiling ako.

"May suspek ka?"

"Wala." Pagkatapos ng isang saglit dinagdag ko: "Ang chair namin?"

"H'wag ka ngang magsalita nang ganyan."

Bulong ko: "Baka nalaman na n'ya 'yung pagsaksak namin sa mga gulong n'ya." Kung ganun man, makakakuha rin ng bulaklak si JB sa Hulyo, si Zsazsa sa Agosto. At si Sir Hesus sa Disyembre! "Hindi, tama ka. Wala ni isang hibla ng pagkamalikhain ang panget na 'yon. Kaya wala, wala akong suspek."

Tumangotango si Aiko. "Pahinging keyk."

Halos isang oras pa ang tinagal ng party. Nagkantahan kami kahit walang videoke. Buti na lang nagkukulong si Bernadette Kero sa kwarto n'ya, para kaming naglalampungang pusa sa ingay. Umalis na silang lahat, bumalik sa kanyakanyang cubicle o kaya'y pumunta sa klase. Sa mga bench ng Old Hum kami naghiwalay ni Aiko.

"Ano uupo ka lang dito?"

"Wala na akong klase, di ba? Hihintayin kitang lumabas."

"Hintayin mo na lang ako sa bahay. Mamamatay ka sa pagkabagot dito."

"Wala akong natanggap na death threat. Ikaw meron."

Hindi ko napigilang tumawa. "'Yon ba? 'Yon ba ang dahilan? Babantayan mo ako?"

Magkahalong galit at pag-aalala: "H'wag kang tumawa. Mula ngayon pag free time ko hindi kita lulubayan." Hinaplos n'ya ang aking mukha.

Kinuha ko ang kanyang kamay at hinalikan. "Umuwi ka na. Gagawin mo pa 'yung write ups mo." Niyakap ko s'ya, bahala na kung makikita ni Bernadette Kero. "Ok lang ako. Didiretso ako ng bahay. Baliwag night di ba?"

Kumawala s'ya sa aking mga braso. "Pumunta ka na ng klase. Magbabantay ako."

Alas dos y media hanggang alas kwatro ang huling Hum 1 ko. Alas tres pa lang dinismiss ko na sila. Pero pagbalik ko sa mga

bench, wala si Aiko. Si JB at Zsazsa ang naroon, nagkakantahan. Kumaway sila sa aking paglapit.

"Dito ka lang daw, sabi ni Aiko," sabi ni Zsazsa, "babantayan ka namin."

Sabi ni JB: "Upo ka tol."

"Nasan s'ya?"

"Sumama kay Pompom," sagot ni JB, "umiiyak kasi. Si Pompom, hindi si Aiko."

"Saan pumunta?"

"Sa... Saan nga ba?"

"H'wag daw naming sabihin," sabi ni Zsazsa, "kasi alam n'ya susunod ka. Dito ka lang, umupo ka na. Babantayan ka namin."

"Malamang sasabihin n'yo dapat para masundan ko nga sila."

"Tol," sabi ni JB, "seryoso si Aiko. Pinasumpa n'ya kami, sa ngalan ng aming mga ina, na paglabas mo mananatili ka rito."

Sabi ni Zsazsa: "Mamamatay daw ang mga nanay namin kapag pinako namin ang pangako. Kaya upo, ayaw kong maging ulilang lubos."

Nagsimulang kumanta ng "Daughter" si JB. Para mabawasan ng kaba, sumama na rin ako. Titi ng Ama, kahit para sa akin ang card, kung seryoso man 'yung nagpadala nun... Ayokong isipin. Baka ako ang himatayin. Baka hindi na ako gumising. Pag may nangyaring masama sa kanya...

Quarter to four bumalik sila. Magangmaga ang mga mata ni Pompom.

"Di ba hanggang alas kwatro ang klase mo?"

"Saan ka nanggaling?"

"Sa atin matutulog si Pompom."

"Ano?" Titi ng Ama. Mahal ko si Pompom, pero paano kami kakain ng Baliwag kung nandun s'ya? Atsaka... "Kelan pa kayo naging close?"

"Kanina lang, nang sabihin n'ya sa akin kung sino ang gustong pumatay sa 'yo."

Sabay-sabay kami: Si Zsazsa at JB, si Aiko at ako, at si Pompom. Una muna kaming dadaan sa Gonzalez, sa apartment ni Pompom, para kunin ang kanyang mga gamit. Habang naglalakad nagsimulang magkwento si Pompom, pautal-utal, basag ang boses: "Dinala ko po sa tambayan ng Sigma Omega Beta si Ai. Nakita ko kasi s'ya dun sa bench, lugmo. Naisip ko... baka hindi pa n'ya kilala ang Panginoon. Nandun po kasi ako kaninang umaga."

"Sa bench?"

"Sa tambayan ng Sigma. Programa ng cell namin, 'yung pagpunta sa tambayan ng mga frat para magminister. 'Yun daw pong Lord Chancellor nila ang kakausapin ko. Noon una po, ayaw n'ya akong pansinin."

"Ng Lord Chancellor?"

"Ni Ai! Pero nag-open up din s'ya after five minutes. Taktika namin sa Coalition, pagkwentuhin muna tungkol sa buhay 'yung miniminister. Malungkot pala 'yung childhood nitong Lord Chancellor. Mayaman sila per—"

"Akala ko ba si Aiko ang kausap mo?"

"H'wag na nga kayong sumabat sir! Dapat makoconvert ko na s'ya kundi dahil sa inyo!"

"Si Aiko?" Nasa likod na namin ang Old Hum, nasa tapat ang Pekpek Tower. Hindi ko namalayan, nasa may kanan na pala namin ang tambayan ng Sigma Omega Beta. Hindi ko namalayan, gumawa pala ng bilog ang aking mga kasama, at ako ang nasa gitna. Tinatago. "Sige na, sige na. Ituloy mo na 'yung kwento."

"Magsesales pitch na 'ko dapat dun sa Lord Chancellor, naiyakan n'ya na ako tungkol sa insensitive n'yang mommy. Iimbitahan ko na dapat s'ya sa God Session namin sa Linggo. Kaso, may narinig ako."

Nasa likod si Pompom. Hinawakan n'ya ang aking braso.

"Dalawang brod n'ya, sir. Nag-uusap sa may likuran namin. Bumubulong, pero hindi ako naging Discipler dahil mahina ang tenga ko. Napick up ko lahat ng sinasabi nila."

"At?"

"Sabi ko kay Aiko, bakit ka malungkot?"

"Pom, kung ganyang paraan ng pagkwento ang gagamitin mo sa Eng 106 ko ibabagsak kita."

"Sabi n'ya sa akin, ikaw, bakit ka haggard."

"Sabi ng Lord Chancellor 'yun sa 'yo? E pareho lang pala sila ni Chancing Lord Eliserio, balbal magdeliver ng pick up line." Kalalampas lang namin si Admin building.

"Makinig kasi kayo! Napansin namin ni Ai na aburido ang isa't isa. Nagpalitan kami ng kwento."

"O bilis, flashback sa Lord Chancellor."

"Aburido kami kasi alam namin may gustong pumatay sa inyo. Kaya lang ako mas malungkot ay dahil alam ko kung sino."

"'Yung Lord Chancellor?"

Sabay-sabay silang apat: "'Yung dalawang frat man na panay ang bulong!"

Ha? "A... Oo. Oo, gets ko na." Titi ng Ama kasi, nasa braso ko pa rin ang kamay ni Pompom.

Sa wakas narating na rin namin ang boarding house ni Pompom. Una s'yang pumasok, sumunod sa kanya si JB. Itinulak ako ni Aiko paloob, pagkatapos sumunod sila ni Zsazsa.

Nandun pala ang housemates ni Pom, sumasamba sa TV sa sala. "Sir U," sabi n'ya, "sina Julia, Joan at Lucy."

Isang semikalbo, isang singkit at isang nakaall black. Tumango ako. "Pasensya ha? Nabubuang kasi 'tong housemate n'yo."

Inirapan ako ni Pom. "D'yan lang po kayo. Kukunin ko lang ang mga damit ko."

"H'wag mong kalimutan ang Bibliya mo," sabi ko.  Pero hindi na n'ya ako narinig, pumasok na s'ya sa kwarto.  Sina Zsazsa at JB nagsarili sa may kusina.  Bumaling ako kay Aiko.

"Babanyo lang ako," sabi n'ya, bago ko pa mabuksan ang aking bunganga.

Ayoko namang tumahimik na lang syempre.  E mukhang boring naman ang pinapanood nila (*Highlander III*, haha, walang kwenta ang cable), kaya nang-usisa na lang ako sa buhay nilang tatlo. Mabait naman sila, pinatay ni Joan ang telebisyon at nagsimula na ang kumpisalan.

Si Julia: ereheng may crush na kasama ni Pompom sa Coalation.  Nang magtapat s'ya ng pag-ibig sa lalake, ang sagot nito'y: "Ang sabi ni Pastor Sayson, 'Do not get into relationships with people who do not know God.'"  Huling pangungusap ni Julia sa kanya ito: "Sayang lang 'yang etits mo."

Si Joan: kasapi naman sa The New Crusade, karibal nina Pom. May crush na teacher, tagaCollege of Science at myembro ng TNC Adult.  Ang problema, hindi tulad namin ni JB, ayaw pumatol ni Prof sa estudyante.  Buti pa s'ya may ethics 'no?

Bago ko mainterbyu si Lucy bumalik na sa sala si Pompom. Dalawang maleta ang dala n'ya.  Hinanap ng aking mga mata si JB, s'ya ang nagtataekwando at gentleman.  Ako ayokong maging bellboy.  Ang kaso: si Aiko na ang kasama ni Zsazsa sa kusina.

"Nasan na si Sir JB?" tanong ni Pompom.

"Mga, ano," sagot ni Zsazsa, "thirty minutes nang wala. Tama ba Aiko?"

"Forty seven minutes."  Itinuro n'ya ang relo sa ibabaw ng TV.

Forty seven minutes!  Bakit hindi ko napansin ang kanyang pag-alis?  Bakit s'ya umalis, e kung may sumugod sa aking isang dosenan fratman walang ibang makakapagtanggol sa akin.  "Pa'no," tanong ko sa aking mga kasama.  "hihintayin natin?"

Nagbuntong hininga si Aiko. "Hanggang six siguro?" Hindi ako ang kanyang tinatanong. Tumango sina Zsazsa at Pompom.

"Alam n'yo Sir..."

Bigla akong nagitla. Kinakausap ako ni Lucy. "Alam kong ano?"

"Hindi ako naniniwala sa sinabi n'yo kanina. 'Yung advise n'yo kay Joan. 'Yung 'Kapag sinedak attack' motto n'yo."

Nakikinig pala s'ya. Malamang pesemistik ang kanyang pananaw sa pag-ibig. Palibhasa "I'm so goth I'm dead" ang trip sa buhay. "At bakit hindi? Halata namang type ni Prof si Joan. Mapaniil na lipunan lang ang pumipigil sa kanyang isabuhay ang kanyang pagnanasa. Gusto naman s'ya ni Joan. Kung pareho naman nilang gusto ang isa't isa, pero may alinlangan 'yung isa, kailangang igtingan ng isa pa 'yung efforts. O..."

"Una po, may imbalance of power sa kanilang relasyon. Prof si Prof, obyus ba? Estudyante lang si Joan. Madaling magkacrush sa titser, at dahil elder pa si Prof sa TNC, madaling mainlab. Pangalawa, lalake si Prof, babae si Joan. Hindi simpleng sedakan, as you call it, ang magaganap. Maaaring mabuntis si Joan, halimbawa..."

Neoconservative buttheadism! "Iha, may tinatawag na modern methods..."

"Walang one hundred percent effective."

"E di aborsyon."

"At sino ang matotrauma? Sino ang maaaring mamatay, sabihin na nating supertech ang abortion clinic na pupuntahan ni Joan? At kung jologs na clinic lang ang kaya n'yang maafford? Tandaan, estudyante lang s'ya, walang sweldo."

"E kaysa naman itago n'ya 'yung nararamdaman n'ya! Kaysa naman talikuran n'ya ang kanyang pagnanasa!" Sumisigaw ako pero alam kong may punto si Lucy, bagaman meron s'yang maling

assumptions. "Siguro may crush ka ring titser!" Titi ng Ama, mali 'yon, hindi ako dapat nagbelow the belt.

Binato ako ng throwpillow ni Lucy at nagdabog s'ya papunta sa kanyang kwarto.

Umiling na lang ako. "Ano?" tanong ko sa aking mga kasama. "May dalawa pa akong pwedeng awayin."

Lumarga na kami. Hindi na nila ako pinabilugan. Pinauna nila ako ng isang metro sa paglalakad. Tahimik lang kami. Sa may Vega, bumulong sa akin si Aiko: "Hindi mo talaga maiwasan ang manlandi 'no?"

Gusto ko sanang humingi ng paumanhin. Hindi ako ipokrito, medyo type ko si Lucy. Pero flirting lang naman 'yon a! Hindi naman ibig sabihin nun hindi ko na mahal si Aiko. Tsaka... sabi naman n'ya, pagkatapos naming magpaabort iiwan na n'ya ako. O. Sino ngayon ang hindi nagmamahal? Siguro naman, mas malaking pagkakasala sa isang relasyon ang pang-iiwan, kung ikukumpara sa pakikipaglandian sa iba.

Pero hindi ko naman talaga gustong makipaglandian. Sana nga lang, hindi rin gusto ni Ai na mang-iwan.

Ang erya sa pagitan ng Demarces at Vega ay puno ng mga barberya, computer shops, xeroxan, bilihan ng load, kainan (paborito ni JB ang Hole in the Wall, halos linggo-linggo kumakain s'ya rito, sobrang sarap daw ng siomai nila. Kahit hindi ako kumakain nun, lagi ko s'yang sinasamahan. Buti na lang dumating si Nina sa buhay n'ya, kaya pala hindi n'ya na ako kailangang hilahin sa kung saan-saan).

Nung unang buwan ng aming paninirahan sa Sta. Ana, napagdesisyunan namin ni JB na magpaduplicate ng susi ng isa't isa sa apartment. Gabi-gabi pinapaalalahanan namin ang isa't isa, pero lagi naming nakakalimutan sa umaga. Siguro mga tatlong buwang ganun. E minsan, naiwan ni JB ang susi n'ya, tas umulan at binaha ang pad ko. Pareho kaming walang matulugan!

(Buti na lang mabait parents ni Zsazsa.)  Byernes nun, uwian sa Manila.  Pagbalik namin nung Linggo, diretso kami sa xeroxan ng susi.

Deklarasyon ng sign ng shop: Naghahasa kami.

Mabait naman si Manong.  Ilang minuto lang daw, tapos na. Kaya imbes na magpahinga sa McDo sa Vega, hinintay na lang namin ang operasyon.  Kwentuhan tungkol sa kabastusan.  Nabanggit din si Judy, 'yung Coalition member na co-faculty namin.  Konting paglalapastangan sa Diyos ang naganap.

Natapos na ni Manong, siningil muna n'ya kami bago n'ya ibinigay ang mga susi.  Kasabay ng sukli, inabutan n'ya kami ni JB ng pamphlet.  Ang pamagat: Ang Bibliya: Susi Papasok ng Langit.

Tiniis muna naming dalawa hanggang sa umabot kami ng McDo. Pagpasok sa entrance hindi na namin nakayanan, tawanan kami. Isipin mo naman, nagpaduplicate lang kami ng susi sa lock at doorknob, ang nakuha namin susi sa Paraiso!

"Oy, akin na lang 'yung ideya," sabi ni JB.

"Gagamitin mo sa kwento?"  Nag-isip ako.  Sayang din, mahusay ang simbolismo.

"Libre kitang patatas."

Umoo ako.  Dalawang large fries ang inorder n'ya para sa akin.  Tuwing tinitingnan ko ang duplicate ng susi ni JB, naaalala ko 'yung insidente 'yon.  Gamit ang ideyang inspired ni Manong Naghahasa, nagawa ni JB na manalo ng kanyang first place sa Palanca.  Nakakainggit.  Minsan nga, naiisip ko, pa'no kung ako 'yung nagsulat ng istorya ng susi?  Award-winning na manunulat na rin kaya ako?

Nakakainggit si JB.  Mahusay s'ya sa fiction.  Mahusay din s'ya sa action.  Maalam din s'ya sa computer.  JB, JB, JB.

"O, si Sir JB," sabi ni Pompom. Ang usal na ito ang nagbalik sa akin sa tunay na mundo. Nasa Demarces na pala kami, malapit na sa kakaliwaing iskinita. "Ay, may mga pulis!"

Bigla kong naramdaman ang kamay ni Aiko.

"Dito lang kayo," sabi ni Zsazsa. Sinalubong n'ya ang papalapit na JB.

"Patay na 'yung isang fratman," sigaw nito sa akin.

Alin? Si Long Sleeves o si Sando? Sabi ko kina Aiko at Pom. "Patay na pala, pwede na tayong lumapit. Siguro naman mahihirapan akong tubuhin ng bangkay." Hawak ang kamay ni Aiko, kasama ang tatlo kong manananggol, inikutan namin ang walang lamang patrol car, saka kami tumungo sa Sta. Ana.

Sarado ang gate sa likod. Sa ikalawang palapag, kita ko ang dalawang pulis (parehong tabatsoy), ang patay na si Long Sleeves, at ang pad kong bukas ang pinto.

"Sarado rin ang sa harap," sabi ni JB. "Ayaw nila akong papasukin."

"Boss! Boss!" sigaw ko. Sumabay silang apat sa akin.

"Ikaw na naman? Umalis ka muna sabi e!"

Bumulong ng mura si JB.

"Bahay ko 'yan!" sigaw ko.

Dumura 'yung isang pulis ('yung mas mataba). Sumenyas itong umikot kami.

Sa main entrance natagpuan naming wasak ang lock. May pangatlong pulis na nagbabantay (tababoy din s'ya). Naroon din sina Andrew, si Soc, si Sando at 'yung syota ng anak ng panginoong may lupa namin. "Wala sila kanina," bulong sa akin ni JB. "At sarado raw 'yung parehong lock sabi nito. Mabait 'yan, pero wala naman akong nakuhang ibang impormasyon."

Kinamayan ako ni Pulis Number Three. "Frat. Obyus na obyus. Karahasan dahil sa kapatiran." Umiling-iling s'ya.

Hindi ako naniniwala. Kung sarado ang parehong lock, ibig sabihin, may susi ang pumatay kay Long Sleeves.

"Nasan ang mga susi n'yo?"

Nagtinginan ang apat kong kaapartment, pagkatapos ay isa-isa nilang nilabas ang tig-apat nilang susi. Dalawang lock sa dalawang gate, isang doorknob, isa pang lock sa pinto.

"'Yung sa kasama mo?" tanong ko kay Sando.

Matagal bago s'ya sumagot. "Nasa loob. Kanina pa kaming tanghali dito. Lumabas s'ya para magsigarilyo, dun sa may kwarto mo. Hindi n'ya na dinala 'yung mga susi n'ya, nandun naman daw ako. Nakatulog ako. Pag gising ko, wala pa s'ya, nandun pa rin ang susi n'ya. Paglabas ko ng boarding house..." Hindi n'ya na napigilan ang pag-iyak.

At hindi ko naman mapigilan ang mag-isip. Kung totoo ang sinabi ni Sando, ibig sabihin malamang na taong may susi lang sa isa sa mga lock ang pumatay kay Long Sleeves. *Malamang.* Pwede rin namang kinuha ni Long Sleeves ang susi n'ya, pinapasok 'yung killer, tas binalik sa kwarto nila 'yung susi. Pagkatapos saka s'ya pinatay. Pero malabo na yata 'yun. At kung ganun, isa sa apat na kasama ko sa Sta. Ana ang kriminal. Si Andrew? Si Soc? O...

"Binantaan daw ang buhay mo ng biktima?"

Titi ng Ama! Mahirap 'tong nawawala ako sa pag-iisip! Pa'no naging tatlong batchoy ang nasa harap ko?

"Binantaan ka raw ng biktima? At nakaaway mo pa?" Si Dura ang umuurirat sa akin.

Titi ng Ama, wala naman yata s'yang hindi nakakaaway, walang hindi binabantaan ang buhay! "Oo. Opo." Titi ng Ama. Dapat kumakain ako ng Baliwag ngayon. Dapat kakainin ko si Aiko ngayon! Imbes mag-aaktong *The Buzz* kami ng tatlong baboy na 'to! Titi ng Amang Long Sleeves 'yan. Kung hindi lang s'ya patay, pinatay ko na s'ya!

**Kabanata 6**

Kailangan kong hanapin ang pumatay kay Long Sleeves, kailangan kong magriserts tungkol sa mga nobela ng Aklanong si Jose Zembrano, at kailangan kong humanap ng aborsyonista, pero ang byahe ko pauwi nung Byernes ang tanging laman ng aking isipan.

Hindi ko inaasahang makasakay si Karina sa HM. Hindi ko nga inaasahang makita pa s'yang muli sa buhay ko. Pero nandun s'ya. Alas sais ng gabi. Ayaw umuwi nina Aiko sa kanila, nagpumilit na matutulog s'ya sa aking—aming—apartment. Kaya mag-isa ako sa bus. *Die Another Day*—na naman—ang pelikula (labingtatlong beses ko na 'tong napapanood) kaya pagkatapos magbayad ng tiket natulog ako. Sinabihan ko na lang 'yung konduktor (swerte nga't kaibigan ko, si N. Joaquin) na gisingin ako pagdating ng Magallanes, saka ko pinikit ang aking mga mata.

"H'wag ka ngang fumeyk."

Napahigpit ang aking pikit dahil sa tinig. Pero alam kong imposibleng ibang tao ang kausap ng may-ari nito, imposibleng ibang tao ang tumatawag sa akin. Sarado pa rin ang mga mata, sumagot ako: "Akala ko ba wala nang pansinan kahit kailan?"

"Ito, nakikipagbati na nga ang tao..."

Dumilat ako. "Pasensya." Nagtinginan lang kami. Nakatayo s'ya sa harap ng inuupuan ko. Walang masyadong tao sa bus, kaya pwede akong bumukaka dapat. Ang kaso nga may bisita, kaya umusod ako pakanan.

Umupo s'ya. "Ok lang. Ok lang sa lahat."

"Anong ginag—"

"Sabi ko noon, magkalimutan na tayo. Sabi ko ngayon, kalimutan na natin lahat."

"May pinagkaiba?"

Tumawa s'ya. 'Yung tawa n'yang isang buwan ding bumuhay sa akin. Sinuntok n'ya ako sa balikat. "Bati na tayo, pwede ba?" Pareho pa rin s'ya, perpektong ngiti na di kinailangan ng braces, matang halos hindi makita, mukhang parang sa ibon.

"Ako ang dapat magtanong n'yan. Pero dahil nauna ka, sige. Bati na tayo."

"Gwapo ni Pierce Brosnan 'no?" Rising intonation pero alam kong hindi tanong. Minsan lang kami nagsabay sa bus pauwi, nang magkasamang kami. *Tomorrow Never Dies* ang palabas. "Patutok ng aircon, ok lang?"

Itinutok ko ang aircon sa kanya. Mula sa bag naglabas s'ya ng jaket. Nakakatawa. Nakakamiss ang mga kalokohan n'yang ganun.

"Ayun o! Ayun!" sigaw n'ya.

Alin?

"Hindi mo nakita?"

"Si Mariang Makiling?"

"H'wag ka ngang magbiro ng ganyan, maeengkanto ka." Sumimangot s'ya, pagkatapos ay ngumiting muli. "'Yung Palm Springs. 'Yung resort na dapat pupuntahan... natin."

Pareho kaming napatahimik. Hindi kami natuloy, kasi naghiwalay kami bago pumatak ang aming unang buwan ng pagsasama. Hindi ko na alam kung ano ang dahilan, o baka ayaw ko lang sabihin sa sarili ko.

"Sorry ha? Last na 'yun. Kalimutan na natin lahat."

Hindi ako sumagot. Kay James Bond ako nagconcentrate.

Bumagal ang aming takbo ilang metro bago marating ng bus ang riles ng tren. Dati raw walang pakialam ang mga driver, may sipol o wala diredirestso lang sila. Pero isang insidente ang nangyari para magbago ang lahat. Andergrad pa ako nun. Isang guro ang nagdala sa kanyang klase, Hum 1 din, sa Diliman, para magfieldtrip sa Bai. Ano naman ang kinalaman ng Hum 1 sa Bai?

Wala. Iyon ang punto ng kwento. Nabangga ang bus at namatay ang tatlong estudyante, dalawa'y freshman. Wala palang permit na kinuha ang matandang Prof nila, kasi may usapan sila nung kompanya ng bus, may kickback s'ya. Matanda na'y gahaman pa rin. Ayun, walang insurance. 'Yun daw ang dahilan kung bakit bawal na ang fieldtrip sa Diliman, pwera lang kung makapangyarihan ang Prof (at ibig sabihin, matanda na, pero hindi ba matanda ang nagkasala?). Imbes na kasuhan si Prof, pinagretiro na lang ito. Binura na ang kanyang pangalan sa alaala ng lahat. (Pwera siguro dun sa mga namatayan.)

Nagsipasukan ang mga tindero:

"Tubig, tubig, tubig..."

"Crackers, crackers, crackers..."

"Mani, mani, mani..."

"Itlog, itlog, itlog ng pugo..."

"Gusto mo?" tanong sa 'kin ni Karina.

"Libre?"

"Hindi ka pa rin nagbabago. Oo."

"Mani lang. Tsaka, sabi ko nga noon sa 'yo, hindi naman sa matigas ang mukha ko. Magagalit kasi ang Diyos pag tumanggi ka sa grasya."

"Naku, eto na, h'wag ka nang mangsermon, hindi mo na 'ko estudyante."

Buti na lang biglang pumutok 'yung TV, kundi baka kung ano na 'yung nasabi ko.

"Wow, bagong version 'yun a. Natalo si James Bond, suicide bombing!"

"*Pose*-modern," sabi ko. Nagtawanan kami. Para umiwas sa usapan, tuloy-tuloy lang ang pasak ko ng mani sa bunganga ko. Mahirap na, ayokong madulas ang aking dila. Alam n'ya kaya ang sa amin ni Aiko? Alam ko'y nagkagalit sila, hindi na nag-uusap (tulad namin, pero iba ang dahilan, hindi ko alam kung ano.

Marami akong hindi alam). "Alam mo ba, sa isang 007 novel, nag-asawa si James Bond. Sa dulo nun, pinatay 'yung babae, kakatapos lang ng kasal nila."

"Bolero ka."

"Hay naku, basahin mo pa. *On Her Majesty's Secret Service* ang pamagat."

"Sinasabi mo lang 'yan kasi alam mong wala akong way para maverify."

Mula dun ay kung saan-saang topic na kami napunta. *Farenheit 9/11*. Kalokohan ni Mike Arroyo. Hacienda Luisita Massacre. Nagkagaanan na rin kami ng loob. Mabilis ang takbo ng bus, pero trapik ang nadatnan namin sa Calamba.

"San ka ba?" tanong n'ya.

"Nakalimutan mo na? Ows? Mantrade pa 'ko."

"Pwede ba kong makalimot? Narinig ko ngang Mantrade ang baba mo kanina, 'yung bilin mo kay Nyoy. E di ba Cubao ka dapat?"

At paano n'ya nalaman na Nyoy ang pangalan ni Nyoy? Teka, sinabi ko yata sa kanya. A, oo, nung mismo ngang araw na sabay kami sa bus. Nagtaka kasi s'ya kung bakit binigyan ako ng discount para sa regular, e lingguhan naman akong umuwi. "Ano kasi..." Gusto ko sanang mag-imbento, pero sa dulo napag-isip kong wala namang masama kung sabihin ko ang totoo. "Isang oras na trapik ulit kung didiretso ako ng Cubao. Hinahabol ko 'yung party ng Lolo ko. Sa Max's, birthday kasi n'ya."

"Talaga? Ilang taon na s'ya?"

"Otsenta." Hindi 'yon totoo. Sa totoo lang, nakakahiya man, hindi ko alam kung ilang taon na ang lolo ko.

"Hay naku, hindi ka talaga marunong magsinungaling. Hindi mo alam 'no?"

"Tot—"

"Kapag nagsisinungaling ka, napapapikit ka.  Ano ka ba? Wala pa bang nagsasabi sa 'yo?"

Si Aiko.  Pero syempre hindi ko sinabi kay Karina 'yun. "Oo na, sige na.  Memorized mo na idiosyncrasies ko.  At oo, hindi ko nga alam kung ilang taon na ang lolo ko."

"Ayan.  Mas mabuti talaga ang katotohanan.  Sabi mo nga nun sa klase namin, honesty is the best policy."

"Bago na motto ko.  Ito na: tell the truth, but at the right time."

Tumawa s'ya.  "Catchy.  Pa'no, dito na 'ko."

"Ha?"

"Bago yata 'yan, 'yang hindi ka nakikinig.  Di ba sinabi ko kanina, may apartment ako sa Calamba, kashare ko 'yung boyfriend ko."

"Ha?"

"Tinanong mo kung saan na ako nagtatrabaho..."

Ha?  A, oo!  "Tama, tama.  Tinanong ko nga, sinabi mo nga." Matinding self-control ang kinailangan para pigilan ko ang aking pagpikit.

"Well, at least kaya mong alalahanin, kahit na makakalimutin ka.  Pa'no, ingat ka lagi.  Baka ito na ang huling beses nating magkasabay sa bus."

"Sana hindi."

"Aba!  Hindi pumikit.  Murunong ka na rin palang magsinungaling.  O."  Mula sa wallet binigyan n'ya ako ng calling card.  Meron na palang Call Center sa Bai?  *Tejano International Telemarketers*.  Simbolong teleponong tenga ang receiver, at lips ang bibig.  "Text mo 'ko.  Kahit jokes lang. Pero h'wag bastos.  Magagalit boyfriend ko."  At bago ako makasabat, bumaba na s'ya.

Saktong sandaling 'yon umarangkada ang bus.  Sinubukan kong hanapin s'ya sa kalsada, pero wala akong nakita.  Tama na rin

siguro. Tinupi ko ang calling card, saka isinuksok sa likod ng upuan sa harap ko. Tama s'ya, dapat magkalimutan na kami.

Ang kaso, eto ngayon ako, nasa Filipiniana section ng Main Lib ng Diliman. Nasa harap ko si Albert, pinsan kong may kaklaseng nakapagdala na ng babae sa opisyal na aborsyonista ng Diliman. Habang hinihintay namin 'to, dapat ay manghihiram ako ng libro. Imbes, umupo lang kami sa dulong parte ng library, malapit sa xeroxan para walang madistorbo, pagkatapos ay nagsimula nang dumada si Albert. Ang paksa ng kanyang diskurso: kung bakit katarantaduhan ang magkaroon ng Filipiana section ang library ng Unibersidad ng Pilipinas. Nakinig pa 'ko hanggang "Sa Princeton ba may 'Americana section'? Wala!" pagkatapos nagzone out na ako.

Malungkot kasi ang nangyari pagkatapos naming maghiwalay ni Karina nung gabing 'yun.

Biglang tigil 'yung bus. Sampung segundo ng bilis, pagkatapos trapik ulit? Hindi, meron lang palang sasakay. Andaming sumakay! Parang lahat sila'y naghihintay sa waiting shed na 'yun. Bata, buntis, construction worker. SRO ang ending. Ang katabi ko'y uhuging lalake, mukhang mamamataytao (bigotilyo, malaki ang mga mata), at ang una n'yang ginawa pag-upo ay ang pagtutok sa akin ng aircon. Magrereklamo sana ako kaso bato-bato ang braso.

Nakatulog ako. Paggising ko, Alabang na. Nakatulog ulit ako. Tapik ang gumising sa akin. Si N. Joaquin, Magallanes na pala. Nagmadali akong tumayo at, makaganti man lang kahit papaano, sinadyang padaplisan si Boy Uhog ng backpack ko. "Tangna," rinig kong sabi n'ya.

Alas otso pa lang. Maikli ang pila sa MRT. Bumili ako ng stored value card, gagamitin ko para sa buong semestre. Mabuti na 'yung magtipid, Titi ng Ama ang sweldo ng titser. Dapat kasi

sa Miriam na lang ako mag-apply. At least dun hindi ako papatulan ng mga estudyante.

Ilang minuto lang nasa loob na ako ng tren (himala nakaupo ako) at ilang minuto pa nasa Cubao na ako. Tulad ng nakagawian ko na sa hagdan at hindi sa escalator ako bumaba. Diredirestso, kanan papuntang Farmers, kaliwa sa overpass, mahabang lakad papunta sa Aurora Footbridge, tulad ng nakagawian dinuraan ko ang pink fences ni Bayani, isinumpang isang araw itatakwil ng mga Filipino ang pagtrato sa kanila bilang manok, umakyat, iniwasan ang tingin ng mga puta, bumaba sa kaliwa, nagtakip ng ilong sa pagdaan sa MMDA Urinal, pumuslit ng tingin sa crush kong kahera sa Mister Donut, at sumakay ng jeepney (Mercury-Roces). Bumaba ako sa Tuazon, naglakad, at sa wakas narating ang Max's.

Halos alas nueve na, pero ok lang, ang text sa 'kin ni Lolo mga hanggang alas dose n'ya planong magparty.

Sa may entrance natagpuan kong mag-isa si Bildad, nagsisigarilyo. Mas matanda s'ya sa akin ng ilang taon, pero dahil ninong ko si Uncle Sam, close kami. Kami lang nga yata sa magpipinsan ang nagyayakapan pag nagkikita.

"Saan sina Ninong?"

"Hindi pupunta."

"Bakit?"

"Nag-away."

"Siguro naman ma—"

"Adobo."

"Ang?"

"Nag-away sila dahil sa adobo. Sana naman kung babae ang pinag-awayan. Pero hindi, nag-away sila dahil sa adobo."

"Kapatid mo?"

"Si Albert o si Alberta?"

"Si Albert."

"Nasa loob. Kanina ka pa nga hinahanap. Halika." Tinapon n'ya ang kalahati palang na upos na stick, inakbayan ako at hinila ako paloob.

Pwera kina Ninong, andun na lahat ng kamag-anak ko sa mother's side. Apat na mesa ang inokupahan namin. Hinanap ko muna sina Mama. "Pumunta ka muna sa Lolo mo bago ka kumain," sabi ni Papa. Binaba ko ang aking backpack sa silya, pagkatapos ay nagtungo na nga sa mesa ng birthday celebrant. Pitong magkakapatid sina Mama, at sa mesa nina Tita Ligaya, ang panganay, nakaupo ang Lolo.

"Tatang, mano po," sabi ko sa kanya.

Hindi s'ya sumagot. Hindi n'ya kinuha ang aking kamay. Hinamashimas lang n'ya ang aking mukha, saka ngumiti. Matamis ang kanyang ngiti, bagaman bungal na s'ya. Siguro nga dahil bungal na s'ya. "Kain ka na," sabi n'ya sa akin.

Masunurin akong apo. Sa mesa namin (mesa ng pamilya ni Mama at Ninong, ang dalawang pinakabata) naghihintay ang isang buong manok sa akin. Inubos ko ang three fourths nito, Seven Up at kanin lang ang partner. (Walang sauce-sauce!)

Talsik kanin kinuwento ko kina Bildad ang misteryosong kamatayan ni Long Sleeves. Tulad din ng aking mga kaibigan, tulad din ng mga pulis, ang kanilang konklusyon: frat war.

At dahil wala namang interesado sa aking pangarap maging detektib, hindi ko na ipinilit ang aking mga teorya. Masaya magdiwang ng kaarawan ng taong otsento años na (o kung anuman). Basta. Masaya. Sana.

Alas dose y media na kami naghiwahiwalay.

Madaling araw ginising ako ni Mama.

"May sunog?"

"Pumanaw na ang Tatang mo."

Titi ng Ama. Titi ng Ama. S'ya ang nagturo sa akin ng mura kong 'to. Titi ng Ama. Titi ng Ama.

"Hoy, U!  Hoy!"

"Ano?"  Nandun pa rin kami sa Filipiniana.  "Ano?" Kakailanganin kong umuwi ng Myerkules, 'yon ang libing ni Lolo.

"Nasa labas na raw s'ya," sabi ni Albert.  "Halika na."

"E 'yung hihiramin ko."

"Ano bang mas importante sa 'yo?"

"Oo, oo, oo.  Tama ka."

Lumabas na kami ng Main Lib.  Sa may vendo machine naghihintay sa amin ang kaibigan n'ya.

"Juanito, pinsan ko, si U."

Nagkamayan kami.  Mukha namang mabait: itim lahat ng suot, labas pangil kung ngumiti, makalyo ang kamay, pero malumanay magsalita.  Diretso sa punto.  Ang kaso, hindi ko masabi kung masarap o masakit sa tenga ang kanyang sinabi.  "Kung kakayanin pa, pwedeng idaan sa gamot.  Anim na raan bawat turok.  Kung malaki na 'yung zygote, kakailanganin ng opera.  Sampung libo."

Sampung libo?  E limang-daan lang ang laman ng ATM ko.

"Tsaka, pinapasabi lang ng kaibigan ko.  Kailangan pumunta na kayo nung babae, para makausap n'ya kayo.  Ayaw n'ya kasi 'yung padalosdalos na abortion.  Kailangang macounsel ikaw, tsaka 'yung girlfriend mo.  'Yun."

"Sampung libo?"

"Kung malaki na.  Ilang buwan na bang buntis?"

"Apat," sabi sa akin ni Aiko, ang huli n'yang sinabi bago sumara ang pinto ng bus.  Hinatid n'ya ako sa sakayan, sa tapat ng Olivarez Mall.  Apat.  Apat na buwan na s'yang buntis. Papunta pa lang alam ko nang hindi madadaan sa gamot ang fetus namin.  Pero sampung libo?  "Wala na bang tawad?"

"Wala.  At hindi rin pwedeng installment."  Tumango si Juanito kay Albert.  Nagkamayan sila.  Nagkamayan kami.

"Salamat," sabi ko.

Umalis na s'ya.

"Nakakaasar 'no?" tanong sa akin ni Albert habang pinapanood kong lumayo ang tanging pag-asa ni Aiko para magkaroon ng kinabukasang pinili n'ya.

"Ang alin?" tanong ko. "Ok namang mag-all black a."

"Hindi. Nakakaasar 'yung sitwasyon. Buong mag-anak natin, walang ibang gusto kundi 'yung buhay na lang sana si Tatang. Pero ikaw, wala kang ibang gusto kundi ang patayin 'yung fetus n'yo."

Kung hindi ko lang s'ya kalaro ng taguan nung bata kami, malamang sinakal ko na s'ya. Pero pribileheyo ng mga mahal mo ang sabihin sa 'yo ang totoo, gaano man kasakit.

**Kabanata 7**

Nagyayang pumunta ng SM North si Albert. Sumama ako pero hindi n'ya ako kasama. Habang naglalakad papuntang sakayan ng jeepney lumipad ako utak ko papunta sa mga naganap pagkatapos naming malamang patay na si Long Sleeves.

Ininterbyu ako nang ilang sandali nung tatlong itlog. Wala namang kwenta. Nabanggit kasi ng syota ng anak ng panginoong may lupa namin na nakaaway ko 'yung pinatay.

"Ikaw ba 'yung pumatay?" tanong nung mas payat na matabang pulis.

"Ho?" tanong ko. "Hindi ho!"

"Sige," sabi n'ya. "Tsinek ko lang."

Nagbantay sila habang, kasama si JB, ininspeksyon ko ang aking kwarto. Wala namang nawawala.

Ilang minuto pa at dumating na 'yung ambulansya. Kinuha 'yung bangkay, sumama si Sando. Umalis na rin 'yung mga pulis pagkatapos makipagpalitan ng cell number. At natira kami sa garahe ng Sta. Ana, sa harap ng kwarto ni Andrew, nakaupo sa bangko sa may mesa kung saan dapat kumakain na kami ng pagkasarapsarap na manok at lumalagok ng dramdram na Coke. Walang makapagsalita sa amin. Si Pompom, nakapikit, nagdarasal. Si Zsazsa nakikipagbulungan kay JB. Si Soc nagtitinga, si Andrew nagtututuli. Ang syota ng anak ng panginoong may lupa namin, nagkakamot ng ulo. Nakakapit ako kay Aiko, at s'ya nama'y naglalaro ng Snake sa selepono.

Tumayo si syota. "Kakain daw kayo dapat ng Baliwag, sabi ni JB."

Napatingin ako kay JB. Tumango s'ya, tumango ako.

"Kung pwede... sasama na rin kami."

Nagsitanguan sina Andrew at Soc.

"Sige ba," sagot ko.

"Kami na lang ni JB ang bibili ng manok at kanin," sabi ni syota. "Kayo na lang sa Coke, Soc? Paper plates at plastic cups?"

Walang umangal sa dibisyon ng paggawa. Humayo silang apat, nangako ng mabilis na pagbalik. Kaming mga natira ang naatasang mag-imis.

"Isa lang 'tong walis?" tanong ni Pompom.

"Meron ako sa taas," sagot ko.

Biglang sumingit si Zsazsa. "Kunin nating tatlo, Aiko, U." Sabay hila. Sa pad kinuha n'ya ang tambo, pagkatapos ay bumulong sa akin: "May mga trenta minutos kayo." Sabay kindat. Bumaba na s'ya.

Hinila ako ni Aiko paloob. Nilock n'ya 'yung doorknob. Umupo s'ya sa kama. Tumayo ako sa harap n'ya. "Kaya kong matulog mamaya rito. Ikaw?"

"Hindi. Punta na lang tayo ng Palm Springs."

"Wala ka na ngang pera e, matutulog pa tayo sa resort. Tsaka: pwede siguro ngayong gabi, e sa susunod na gabi? At pagkatapos nun?" Tinanggal n'ya ang aking polo shirt. "Ano 'yan, takot kang multuhin nung fratman? Baka isama ka sa impyerno?"

Patay ang ilaw pero maliwanag dahil sa street lamp. Hinimashimas ko ang kanyang kilikili. "Hindi." Dinilaan ko ang kanyang kilikili.

"E bakit?" Nilapirot n'ya ang aking mga utong.

Ipinasok ko ang aking mga kamay sa kanyang t-shirt para tanggalin ang kanyang bra. "Baka kasi nandito pa 'yung pumatay kay Long Sleeves."

Napatigil s'ya sa pagdila sa aking pusod. "Ano?"

"Malamang frat ang gumawa nito. At fratman si Soc, pati na rin 'yung syota ng anak ng panginoong may lupa namin." Trip na trip ko talaga 'yung wala s'yang bra pero may t-shirt pa. Sa

loob pa rin ang mga kamay, hinaploshaplos ko ang kanyang mga dede. "At hindi rin ako sigurado kung inosente si Andrew. O si JB."

Sa isang hila dinebutones n'ya ang aking pantalon. "Ako ba ang nagbigay ng brip na 'to?"

"Anong brand?"

"YC."

Nag-isip ako. "Si Mama yata ang may bigay."

Pinitikpitik n'ya ang titi ko. "Ke tanda na e nanay pa rin ang pumipili ng isusuot."

"Uy... nagseselos kay Mama." Ibinaba ko 'yung brip.

"O, ba't matamlay 'yan?"

"Ayaw mong isubo?"

Kiniliti n'ya ang aking bayag. "Dahil ba buntis ako? Kaya hindi ka na nalilibog sa akin?"

Titi ng Ama. Bakit naman n'ya iisipin 'yon? Ihiniga ko s'ya, sabay patong. "Mabigat ba?"

"Hindi. At h'wag mong ibahin ang usapan."

"H'wag ka nang magalit. H'wag ka nang magduda. Hindi ka na nasanay sa titi ko. Kelan ba naging buong matigas 'yan." Medyo mahirap, pero naibaba ko na rin ang zipper n'ya.

S'ya ang nagbaba ng kanyang pantalon at panty. Kinagat n'ya ang kanyang labi. "Sabagay..."

Tinanggal ko na nang lubusan ang kanyang pambaba, pati na rin ang akin. Malago ang bulbol ni Aiko. Abot-pusod, abot-singit. Minasahe ko ang kanyang puke. "Mahal kita. Bakit mo ba gustong makipaghiwalay sa akin?"

"Kasi hindi na kita mahal."

Ipinasok ko ang aking hintuturo. Pagkatapos ang aking hinlalato. Pagkatapos ang aking palasingsingan. "Naniniwala ka ba sa sinasabi mo?"

"Oo."

"Kahit alam mong hindi totoo?"

"Oo."

Tinanggal ko ang kanyang t-shirt at sinupsop ang kanyang kanang suso. Nilamas ko 'yung kaliwa gamit ang aking kaliwang kamay. 'Yung kanang kamay ko nanatiling labasmasok sa kanyang puke. Pagliligawan ng mga butiki ang sound track ng aming x-rated movie, aphrodisiac ang tunog ng paghampas ng kanilang buntot sa pader at kisame. Alam kong mahal n'ya pa ako. Alam kong alam n'yang mahal ko s'ya. Alam ko rin na itutuloy n'ya ang planong pakikipaghiwalay pagkatapos ng aborsyon. Alam kong gusto n'ya sanang buhayin 'yung fetus. Ang hindi ko alam ay kung paano s'yang kumbinsihin na ok ang kanyang gusto, na kahit hindi ko gustong magpalaki ng bata ay hindi ako tututol sa kanyang gusto.

"Huy, dahandahan!"

Natigil ang pandidila ko ng kanyang kanang utong. "Oops. Sensya na." Balik utong.

"At jusko naman, ilang beses ko bang sasabihin, bigyan mo naman ng konting atensyon 'yung isa."

Hindi ko napansin, nasa gilid na lang pala 'yung kaliwa kong kamay. Ang hirap kasing manlamas tapos sumupsop at mandaliri nang sabaysabay. Hinalikan ko s'ya. "H'wag ka nang magalit."

"Hindi ako galit."

"H'wag ka nang malungkot."

"Hindi ako malungkot."

"Sinungaling."

"Ikaw kaya mabuntis!"

"Sabi mo hindi galit..."

Bumuntonghininga s'ya, umirap. "69 tayo."

"Pwedeng..."

"Opo. Birthday gift ko."

"Salamat!"  Agad akong pumusisyon.  Madalas s'ya ang nasa ibabaw kapag nagbabaliktaran kami.  Pero paminsaminsan baliktad, para magawa ko 'yung gusto ko.  "Kumportable ka?"

Isinubo n'ya ang aking titi at nagsimulang humigop. Pinisilpisil n'ya ang aking pigi.

Binigay ko na ang aking atensyon sa kanyang puke.  Dila sa loob, daliri sa clitoris.  Huminga ako nang malalim.  Dalawa lang ang amoy ng puke n'ya: himang maasim o bagong tasang lapis. Himang maasim ngayong gabi.

Niluwa n'ya ang titi ko.  "Huy, wala na namang silbi 'yang kaliwang kamay mo!"  Nagpatuloy s'ya sa pagtsupa.

Hindi na ako nagsalita.  Nilaliman ko na lang ang pasok ng aking dila, diniinan nang konti ang pagpisil sa kanyang tinggil. Napadpad ang kaliwang kamay ko sa kanyang kaliwang tuhod.  Hindi ko alam kung ano ang ginawa nito roon.

Paminsanminsan inilalabas ko ang aking dila at dinididilaan ko ang kanyang pwet.  Hanggang dila lang para hindi s'ya magkaroon ng impeksyon, baka kasi may manakanakang tae akong maisama pag bumalik ako sa loob ng puke n'ya.

Tinapik n'ya ako.  Dahil titi ang akin, mas malaya si Aiko pagdating sa aking pwet.  Naipapasok n'ya ang halos kalahati ng kanyang dila.  Inilabas n'ya ang aking titi.  "Game, game," sabi n'ya.

"Sigurado ka ba?  Gusto mo?"

"Yawa a, umadjust ka na."

Semiupo ako sa kanyang mukha.  Napunta ang aking kanang kamay sa paborito kong suso n'ya.  Kaliwang hinlalato ko sa loob ng kanyang puke, hinlalake sa clitoris.

Ipinasok n'ya ang kanyang dila sa aking pwet.

Mas masarap ang sarap kapag kunwari hindi ito pinapansin. Pinag-isipan ko ang kaso ni Long Sleeves.  Talaga namang malala ang frat wars sa Los Baños.  Kaya nga hindi ko na pinansin 'yung

binalita sa aking namatay nung, Lunes ba 'yun? Kasi lagi namang may nabubugbog, naoospital. Isang hakbang lang naman 'yung may mamatay. Ang problema kay Long Sleeves e pangalawang bangkay s'ya. Sobra naman kasi, dalawang dedbol sa isang linggo lang. Kaya wuhu titi ng ama sige pa sige pa shet sa pwet sarap!

Hindi hindi hindi. Concentrate sa carcass.

Ang problema kay Long Sleeves e sa harap s'ya ng bukas na pinto ng aking pad pinatay. Wala namang nawawala. Wala naman kasing mawawala. Ano kung ganun ang hinahanap n'ya? Bakit hindi man lang n'ya kinuha 'yung radyo? O kaya 'yung taragis talaga walang tatalo sa dila ni Aiko!

"Ai," sabi ko. "Ai!"

Inatras n'ya ang kanyang dila. "Masakit?"

"Hindi, hindi. Ano ka ba? Baka lang kasi, pabalik na sila..."

"O s'ya. Ano, tira sige. Handa na 'ko."

"Sigurado ka ba?"

"Birthday mo naman."

"E, h'wag ganun. Gusto ko, gusto mo rin."

Hinampas n'ya ang pigi ko. Masakit pero masarap. "Alam mo, mahirap 'yang gusto mo. 'Yung gustuhin ko. Tingnan mo na lang nang ganito. Birthday mo. Gusto ko, masaya ka. Etong gusto mo, eto ang magpapasaya sa 'yo. Kaya gusto ko 'yung gusto mo. Naiintindihan mo ba?"

Walang tatalo sa kanyang lohika. "Opo. Pa'no, eto na."

"Kanina ko pa hinihintay."

Umutot ako. Isa, tas isa pa.

Narinig ko ang kanyang pagsamyo. Alam kong nilagyan n'ya ng sound effects ang paghigop sa aking utot para maranig ko. Para dumagdag sa kilig.

Isa pang utot.

Hingang malalim.

"Ok ka lang."

"Ano ka ba? Sarap-sarap e."

"Totoo?"

"Oo." Isang mahabang dila sa aking pwet. "O, titi naman."

"Ikaw sa ibabaw?"

"Alam mo, gusto ko sana. Pero wala na tayong oras e."

Naintindihan ko. Umikot ako't pinasok ang aking titi sa kanyang puke. Kaliwang kamay sa kaliwang dede, kanang kamay sa kanang dede. Tulad nang madalas mangyari nilabasan ako bago s'ya mag-orgasm. Sanay na s'ya rito, pero hindi ko maiwasang mahiya. "Pasensya," sabi ko.

"Imbes na magmukmok ka d'yan paganahin mo na lang 'yang mga daliri mo."

Hinalikan ko s'ya sa labi. Sinabunotbunutan sa pamamagitan ng kanang kamay. Ang kaliwang kamay ko ang nagbigay sa kanya ng buong satispaksyon. Ilang ungol din, isang sigaw. Itutuloy pa sana namin, kaso may kumatok sa pinto. Malamang si Zsazsa, kasi hindi nagsalita.

"Halika na," sabi ni Aiko.

Hinalikan ko ang kanyang ilong. "Mahal kita."

"Halika na," sabi n'ya. Pagkatapos hinabol n'ya, "Mahal din kita."

Mabilis kaming nagbihis. Otomatiko ang pagkuha ng alcohol sa kabinet. S'ya ang nagbukas ng pinto. Nahulog paloob ang walis tambo ko. Bumaba na kami. May streamer, maligayang kaarawan sa akin. Ikalawang sorpresa ng araw. Kasama pala sina Soc sa plano, nirecruit ni JB nun pang nakaraang sem. Dapat sana'y sisimulan ko ang aking interogasyon. Pero dahil mabait sa akin ang mundo, ipinagpaliban ko muna ang pagsolve sa kaso ni Long Sleeves. May nagsuhestyon na gawin namin 'tong regular. Umoo lahat. May nagsuhestyon na akyatin namin ang Makiling. Umoo lahat. May nagsuhestyon na h'wag nang maglagay ng lock sa

gate dito sa harap.  Umoo lahat.  Masarap ang ngumasab ng Baliwag at lumaklak ng Coke pagkatapos magpaamoy ng utot. Masarap mapaligiran ng mga taong nagmamahal sa 'yo.

**Kabanata 8**

"Punyeta, nakikinig ka ba sa sinasabi ko?"

Nasa foodcourt kami ni Albert. Nanlalantak s'ya ng Chicken Joy sa harap ko. "Oo naman."

Para kaming nasa pribadong restawrant. Ang pinakamalapit sa aming kostumer e nasa kabilang hilera ng mesa kumakain. Wala halos tao sa paligid. Nakatunganga ang mga crew at cashier.

"H'wag ka ngang magsinungaling. At kung pwede lang, nagpalibre ka ng Coke, inumin mo."

Humigop ako. "Tunaw na 'yung yelo."

Umirap s'ya at nagpatuloy sa pagkain. S'ya lang ang alam kong kayang kumain nang nagkakamay sa pampublikong lugar. Kanin-kanin ang kanyang baba at mga daliri. "Itigil mo na kasi 'yang pagpapantasya mo. Hayaan mo na 'yung bangkay na manatiling bangkay."

"Pwede ba 'yun?"

"Wala namang patutunguhan 'yang kalokohan mo."

"Meron kaya." Ikinuwento ko sa kanya ang ginawa ko nung Myerkules. Imbes na magklase, hinila ko si Aiko sa police station. Bastos ang mga tao sa opisina ng UP Police Force. Walang ibang tao dun kundi isa na namang personipikasyon ng obesity. Pagpasok namin nanonood s'ya ng TV. Busy raw ang kanyang tsip. Kinulit ko. Wala raw silang oras. Patuloy lang sa pangungulit, may halong pagmamakaawa at hint na magsusumbong ako (kanino? Sa media? Hahaha). Naglabas ng papel at biglang nagtayp. Titi ng Ama dalawang dekada na yatang di nagagamit 'yung typewriter n'ya! Kalawang na 'yung tinta. Buong araw kami run ni Aiko, ang tangi ko lang nakuhang impormasyon e sinaksak si Long Sleeves sa kaliwang pisngi, todotodong hati, pagkatapos ay sa mata, pagkatapos sa puso. Mga sampung oras

nang patay ang fratman bago ito matagpuan nina JB at Soc nang mga ala sais.

"So, sabi ko bago kami umalis," sabi ko kay Albert, "sabi ko, 'Kayong UPF magaling kayong manghataw ng mga estudyanteng nagrarally. Pero sa imbestigasyon ng pagpatay e wala kayong silbi.' Naglabas ng baril ang kupal."

"Imbes na ipahamak mo ang sarili mo sa pagpapanggap na detektib e asikasuhin mo na lang 'yang girlfriend mo!"

"Inaasikaso ko naman a!" Humigop ulit ako ng Coke. Ampakla pero malamig pa rin. "Naghahanap ako ng aborsyonista."

"Naisip mo na bang ayaw n'yang magpaabort?"

"Oo. Sabi ko nga h'wag e. S'ya ang may gusto."

"Hindi. Ikaw ang may gusto dahil iresponsable ka. At nagpapanggap kang feminista. Kunwari sasabihin mo desisyon n'ya, pero sa totoo lang alam mong napipilitan lang s'ya kasi hindi mo naman s'ya papakasalan!"

"Anlabo naman kasing magpakasal dahil lang nabuntis. At isa pa, alam naman n'yang hindi ako naniniwala sa kasal bago s'ya makipagsex sa akin."

"Ang dapat kasi, buhayin n'yo 'yung bata!"

"Wala nga akong perang pang-abort, pambuhay pa ng bata?"

"E titi kasi ang gamit mo sa pag-iisip!"

"Ano bang problema mo?"

"Wala. Wala." Gamit ang isang pirasong tissue nagpunas s'ya ng kamay at mukha. "Wala. Tang-ina buntis si Sophia."

Titi ng Ama. Titi ng Ama. Titi ng Ama. "Ilang buwan... Ilang buwan na?" Baka pwede pang ipaabort.

"Tatlo."

Titi ng Ama. Titi ng Ama. Titi ng Ama. "Anong... anong gagawin n'yo?"

"Kaya nga kinausap kita kagabi. Hihingi ng advice. Kaso nauna kang magkumpisal. Ang swerte nga e, ang alam ni Juanito

ikaw ang nangangailangan ng impormasyon tungkol sa bayad sa pagpapalaglag."

"H'wag kayong gagamit ng—"

"Oo naman! Mahal ko si Sophia, hindi ko s'ya papainumin ng kung anong lasong pamparegla."

Humigop ulit ako sa combong tubig at Coke. Masarap pala, pag nasanay ka na. "Ano na ang plano n'yo?"

"Ano na ang plano mo?"

"Pwede ring double wedding 'no?"

Ngumiwi si Albert. "Gusto nga sana namin. 'Yun ang napagkasunduan namin noong nakaraang buwan. Nung natanggap na naming buntis s'ya. Gumamit kami ng home pregnancy test. Positive. Pumunta kami sa Delgado. Mabait 'yung ob-gyne. Testing sa dugo ang gusto. Ayun."

"Napagkasunduan n'yo last month ang double wedding?"

"Gago! Na magpakasal."

"Anong nangyari?"

"Namatay si Tatang. Kinuwento mo 'yung kay Aiko..."

"O, walang sisihan." Hinawakan ko ang kanyang kamay. "Hindi man ako naniniwala sa kasal, kung 'yan ang gusto mo, te suportahan taka."

"Puta ka U."

"Titi ng Ama ka naman. At h'wag ka na ngang magmura ng sexist." Nginitian ko s'ya. "Magiging tatay ka na."

Nagliwaliw kami sa SM. Naglaro sa arcade, nanood ng sine (*A Series of Unfortunate Events*). Gabi na nang sumakay kami ng Quiapo papuntang Pantranco. "Alam mo," bulong sa akin ni Albert, "may gusto akong sabihin sa 'yo. H'wag kang tatawa ha?"

"Ano ba 'yan, tungkol sa sex life n'yo?" Nagbibiro lang ako.

Tumango s'ya. "H'wag kang tatawa ha?"

Naisip ko ang pagpapaamoy ko ng utot kay Aiko. "Ano ka ba? Napakabukas kaya ng isip ko sa lahat ng bagay."

"Vinideo namin 'yung ilang... ilang pagsesex namin. 'Yun first time, nung first anniversary namin. Nung Valentine's."

"Ano 'yan, may barkada kang nagcameraman?"

"Wala. Wala. Tripod lang. Kaya nga walang pagpopokus. Isang uri ng shot lang. Hirap naman kasi 'yung enjoy na enjoy ka, tapos iaadjust mo 'yung videocam kasi napadpad kayo sa dulo ng kama. Ayun. Hayop ka susunod ka kay Tatang pag tumawa ka."

Hindi ako tumawa. Sinuntok ko s'ya nang marahan sa balikat. Alam ko na ang solusyon. Sa kamatayan ni Long Sleeves. Sa fetus namin ni Aiko. Sana tama ang palagay ko. Sana. Kung hindi... Kung hindi, hay naku. Hindi ko alam.

**Kabanata 9**

Sa bahay sa kwarto nina Mama ako natulog. Mainit kasi, at may air-con sa kanila. Naglatag ako ng banig, at habang hinehele ng hilik ng aking mga magulang tumunganga ako sa dilim. Tama si Albert. Hindi na ako dapat naglalaro. Dapat harapin ko 'yung problema ko, hindi 'yung tatakas ako sa pagpapanggap na detektib. Pero...

Martes ng gabi, pagkatapos ng pagdiriwang, pumunta kami ni Aiko sa Palm Springs. Mura lang naman 'yung kwarto, at hilig n'ya ang paglangoy, kaya pareho kaming masaya. Ilang beses pa n'yang inamoy ang aking utot.

Myerkules sa Sta. Ana na kami natulog ulit. Wala namang nangyaring masama, walang multong lumabas. Tsaka, isip ko, nasa kabilang kwarto lang naman si JB, sinesex si Nina, kaya kung may umatake man, may matatakbuhan ako.

Pero nung Huwebes, Huwebes nagkandalecheleche ang lahat.

Marathon ang naging sex namin ni Aiko nung Myerkules, kaya iniwan ko s'yang tulog sa pad. Wala ngang dumating na masamang loob nung gabi, isip ko, sa umaga pa. Tahimik akong tumae, naligo at nagbihis. Hinalikan ko s'ya sa ilong, nag-iwan ako ng note, pagkatapos ay lumarga na.

Dumaan ako sa dept, nasa book shelf ko run ang *Labyrinths* ni Jorge Luis Borges. Panimulang lesson ko lagi ang kanyang "Death and the Compass." Katulad ng dati, nandun din si Zsazsa.

"Brownout?" tanong ko sa kanya.

"Magreresign daw si Diana."

"Ano?"

"Nagsigawan sila kahapon ni Kero. Haharangin daw nito ang pagbibigay sa kanya ng tenure. Ayun."

"Ano na naman 'yan? Kasi binababoy ni Diana si Chancing Lord Eliserio sa blog?"

"Mamaya na natin pag-usapan.  Sa APEC?"

Sa APEC?  E gabi lang kami pumupunta run a?  Umoo pa rin ako.  Pagkatapos pumunta na ako ng klase.  Buong araw hinanaphanap ko si Diana sa mga corridor ng Old Hum, sa NCAS, pumunta pa nga ako ng lib, nagbakasakali lang (wala kasi halos libro ang lib ng LB, kaya hindi ko pinupuntahan), wala rin.  Si JB ang kasabay kong magtanghalian, kasi nagtext si Aiko na may kikitain s'ya.

Puno ang kantina ng SEARCA.  Mga naghihiyawang estudyante, mga naglalandiang guro mula sa iba't ibang departamento at kolehiyo.  Kilometro ang pila, at halos walang maupuan.  Pero dahil may crush sa akin ang isang empleyado nahanapan kami ng mesa.

Sinigang ang ulam ko.  Tinola ang kay JB.  Tahimik lang s'ya buong oras na magkasama kami.  Magtatanong sana ako tungkol kay Diana pero panay ang buntonghiniga n'ya.  Naisip kong may problema sila ni Nina kaya tumahimik na rin ako.  Nakinig na lang sa ingay ng aking paligid.

Ginulantang ako ng paalam ni JB bago kami maghiwalay sa likod ng Old Hum: "APEC mamaya ha?"

Dati nga'y tatlo kaming nagpupunta run, mga alas dose ng gabi.  Pero nitong mga huling buwan dumalang ang kanyang pagsama.  Siguro nga dahil kay Nina.  Dahil naman kay Aiko kaya natigil ang aming APEC nights.

Pero kung gayon e anong plano nilang dalawa?

Magulo ang isip ko, kaya hindi ko pinansin ang pag-aangas ng mga Uruk-hai sa Eng 106.  Pagkatapos ng klase lumapit sa akin si Pompom.  Nagpapabasa s'ya ng tula.

"E, hindi nga ako tumutula.  Kwento lang."

"Konting comments lang sir."

"O s'ya, sige.  Pero walang sisihan kung lalo ko lang mapapangit 'to."

Text-text kami ni Aiko, pero blah lang lahat.  Sabagay, kinain ko na nga ang Myerkules n'ya, kaya dapat pokus naman s'ya sa iba ngayon.

Sa dept ko winorkshop ang tula ni Pom.  Sestina, tungkol sa Diyos.  Nagniningning ang kanyang mga mata habang binabasa n'ya ito nang malakas.  Maluhaluha s'ya pagkatapos kong katayin. Buti na lang wala si Zsazsa sa cubicle.

"Ikaw, nagbabala na ako.  Pinilit mo pa rin.  Tas malungkot ka."

"Anong gusto n'yong gawin ko?"

Mainit sa dept, brownout kasi.  Nakaupo si Pompom sa mesa, nasa may bintana ako.  Tig-isa kami ng kopya nung sestina. Halos mapunit na ang akin dahil sa pagmamarka.  Lukot naman ang sa kanya, niyayakap n'ya ang papel, tila ba gustong protektahan.

"Sulat ka ng isa pa."

"Para ano?  Para durugin n'yo ulit?"

"Oo.  Tas, sulat ka ng isa pa.  At ng isa pa.  Hanggang sa makagawa ka ng tulang hindi pwedeng saktan, dahil perpekto."

"Hindi na yata ako makakapagsulat ulit."  Narinig ko ang kanyang hikbi.

Lumapit ako sa kanya.  Mahaba ang kanyang leeg, at bilog na bilog ang mga butas ng kanyang ilong.  May isang sandali na nakaramdam ako ng panggigigil, gusto ko s’yang halikan!  Buti na lang nakapagpigil ako.  Hinugot ko ang kopya n'ya nung sestina mula sa kanyang pang-iipit.  Inunat-unat ko 'to.  "D'yan ka lang."  Pumunta ako kay Ate Dairy, humingi ng brown envelope. Nilagay ko run 'yung kopya ko at kopya n'ya.  Pagbalik ko ng cubicle humahagulgol na si Pompom.  Inabot ko sa kanya ang envelope.  "Sulat ka ulit.  Para naman sa Diyos 'to e. Manalig."

Nakatungo s'ya at patuloy pa rin ang pag-iyak nang iwan ako. Nananakit ang sentido, humilatsa ako sa rocking chair ni Zsazsa. Tinext ko si Aiko. "Mahal kita." Hindi s'ya nagreply.

Nakatulog ako.

Nangingiliting cellphone sa bulsa ang gumising sa akin. Nawalang parang bula ang paniginip ko tungkol sa labandera namin ni JB na medyo chubby at matapang ang mga mata. Nanggagalaiti si Aiza Seguerra, palakas nang palakas ang kanta n'ya ng ring tone kong "Pagdating ng Panahon." Kakaiba ang pakiramdam nang magising nang hindi nakahiga. Napatayo ako. Medyo nanikip ang dibdib. Bukas naman ang mga mata, bakit madilim pa rin. Ilang ring pa bago ko naisip sagutin ang aking selepono.

"Pare, puta ka. Nasan ka? Nakatulog ako sa dept. Hanapin mo 'yung sikyu, kunin n'yo 'ko rito."

Hindi ko napigilang matawa.

"Tang-ina mo, pag sa 'yo nangyari 'to tatawanan din kita."

"H'wag ka ngang high blood. Nasa cubicle ka?"

"Oo. Ayokong maglakadlakad at baka may multo. Bilisan mo na kasi hindot ka."

"Iyot. Sandali lang, mga tatlumpong segundo andyan na ako."

"Ano?"

Pinindot ko ang asterix button ng aking T2020. Flashlight. Puro pala pusa sa dept pag gabi. Tahimik ang aking ginawang paglalakad para hindi ko madistorbo ang kanilang pagtulog. Maputla ang mukha ng mga cubicle. Titi ng Ama, tama nga si JB, baka nga may multo. Kumatok ako sa pinto ng cubicle n'ya. Swerte s'ya kasi s'ya lang 'yung junior faculty na may pinto ang cubicle. Dati kasi sa senior faculty 'tong cubicle n'ya, e nagretiro na 'yung mama, bunutan kaming lahat kung sinong makakakuha. Swerte si JB. "Hoy, panget," sabi ko. "Narito na ang iyong tagapagligtas."

"U?  Puta ka, apatnapung segundo na ang lumipas."

"Halika nang lumabas, tas buksan natin 'yung mga ilaw. Itext mo na rin kaya si Zsazsa, para makaalis na tayo rito."

Binuksan n'ya ang pinto.  Gulogulo ang kanyang buhok, at halos takpan ng muta ang kanyang kaliwang mata.  "Nakatulog ka rin?"

Sa iba ko na lang itinutok ang flashlight.  "Hindi," sabi ko, "nagteleport ako para hindi ka na mag-isa pa."

"Puta ka."

Takot pareho sa multo, magkasama naming hinanap ang switch para sa mga flourescent.  Bago n'ya matext si Zsazsa e tumawag ito sa kanya.  Mabilis ang pagkwento ni JB.  Malakas ang pagtawa ni Zsazsa.  "Baka may mumo!  Hala kayo," rinig kong sabi n'ya.

Inagaw ko ang selepono ni JB.  "Zarathustra Concepcion, h'wag ka ngang malupit.  Humanap ka na ng sikyo at iligtas mo na kami!"

Tumawa lang ang bruha.  "Ano ka, ermats ko?  O s'ya, s'ya, hintay lang kayo.  Who you gonna call?"

Pinutol nito ang linya bago ako makacomeback.

Parang horror house ang dept.  Hindi dahil sa mga umaaligid na monster, kundi dahil sa halimuyak ng tae ng mga pusa. Nakatapak si JB, pagkatapos ako, pagkatapos s'ya ulit bago namin marating ang mga switch.

Brownout pa rin pala.  O patay ang main switch?

"Balik na lang tayong cubicle namin," sabi ko.

Tumango si JB.  Daang salamin ang mga butil ng pawis n'ya, nagpapadoble't nagpapatriple ng liwanag mula sa aking selepono. Bago kami nakabalik sa cubicle namin ni Zsazsa nakatapak ulit ako ng tae.  Tulog pa rin ang mga nadaanan ko kanina.  Gusto ko sana silang tadjakan, pero pinigilan ako ni JB.  Buti na lang. Sa totoo lang, ayoko nang nananakit ng hayop.  Manakit ng tao ok

lang, makakaiwas, makakaganti naman ang mga 'yon. Pero mga pusa, at pusang tulog, hindi ako pumapatol sa hindi nakakalaban.

Minamasahe ni JB ang kanyang leeg. "Alam mo kung anong binabasa ko habang natutulog?" Tumungo s'ya sa rocking chair.

Umupo ako sa mesa ni Zsazsa. "Paul Auster?" 'Yun 'yung napagtripan n'ya bago matapos ang nakaraang semestre. Buong tag-init puro *New York Trilogy* lang ang napag-uusapan namin.

"Puta pare, libro ni Chancing Lord!"

"Titi ng Ama ka."

"Walang lokohan. Di ba taga-Dev Com naman 'yan? Nobelista pala! Naiwan ko sa cubicle. Pagdating ni Zsa, kunin natin. Binigay sa 'kin ni Diana kanina. Ingles, tungkol sa eskultor."

Itatanong ko sana kung maganda, pero mas importante ang pulitika ng departamento. "Ano bang nangyari kay Diana?"

"Pare buntis si Nina."

Sisipain ko sana s'ya sa mukha nang biglang nagliwanag ang parte namin ng dept, at narinig ko ang sigaw ni Zsazsa: "Who you gonna call? Ghostbusters!" Tumalon ako mula sa mesa, nagdabog palayo. Hinabol nila 'kong dalawa. Nasa unang palapag na 'ko nang makahabol sila. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Napaupo na lang ako sa NCAS steps.

"Tama ba naman 'yung ginawa mo? Hindi ka man lang nagpasalamat kay Manong Abraham." Tinapik ako ni Zsazsa sa balikat. Umupo s'ya sa tabi ko. "Nagmadali akong pumunta rito, tapos, iisnabin mo lang ako."

Nakatayo si JB sa harap ko. "Pare may sasabihin pa ako. Mamaya, sa APEC."

Nilamukot ko ang aking mukha. "Ako rin. Mamaya. Kain muna tayo."

Sa parking lot naroon si TC Concepcion ni Zsazsa. Karaniwang posisyon, ako sa likod si JB sa passenger's seat para hindi magmukhang driver namin si Zsazsa.

Sa Batcave kami naghapunan. Bahay 'to, pero kainan din. Tipid tax ang mga may-ari, kaya mura ang pagkain. Specialty nila ang lechong kawali. Laging dalawang serving ang inoorder ko, walang sarsa, tsaka isang Coke. Lagi ring sa ikalawang palapag kami umuupo, kasi sa itaas air-con. At lagi rin na ubos ko agad ang ulam ko, samantalang sina JB at Zsazsa wala pang kalahati ang nalulunok. Si Zsazsa kasi labinlimang nguya bago lunukin. Si JB kasi ginagayat pa n'ya 'yung baboy hanggang sa maging maliit pa sa giniling.

Tanging kakaiba sa hapunang ito: tahimik kami.

Tahimik ko silang pinanood matapos. Tahimik kaming lumabas at sumakay kay TC. Tahimik kaming kumaliwa papuntang main road. Diretso paloob ng UPLB. Kaliwa sa gate, diretso hanggang Eng'g. Kaliwa ulit, papuntang IRRI. Bago mag-IRRI, sa may tren, kumanan kami. Buo ang buwan, at walang ulap ang langit. Pati mga mata ng mga bakang aming nadaanan nagniningning.

Napapaligiran ng damo ang gusali ng APEC. Doon kami sa damo nagpark. Mula sa gitna ng damuhan kita ko ang nag-aalab na Krus sa may kung anong burol, at ang nanenedak na katawan ng Bundok Makiling. Isang araw, sabi ni JB, aakyat kami. Halos dalawang taon na n'yang sinasabi ito sa akin. Nagtitiwala pa rin akong mangyayari 'to.

Karaniwang posisyon: hihiga ako sa likod, bubuksan ni Zsazsa ang mga pintuan, hihiga s'ya sa driver's seat at passenger's seat, si JB sasandal sa gilid ng kotseng kuba. Pinapasok ng hangin ang Toyota. Nakakatusok ang lamig. Parang karaniwang APEC night. Parang lang.

"Buntis si Aiko," bulong ko.

Kasabay nito ang sigaw ni Zsazsa: "Magpapakasal na kami ni JB, U!"

Nagpatihulog ako. Buti na lang malambot ang sahig. Hindi nila ako pinansin. Hindi sila nagsalita pa. Bumangon ako.

Alam kong wala na akong ibang masasabi. Kaya sinabi ko ang alam kong hinihintay nilang sasabihin ko: "Kailan? Saan?"

"Sa St. Therese pare, ikaw ang bestman ha?"

"Sige ba. Sige ba." *Nakakatawa, ngayong iniisip ko. Iyon lang yata ang mabuting nangyari sa linggong 'to.* "Dapat, dapat nagdala kayo ng beer. Tsaka Coke. Beer senyo. Coke sa 'kin."

"Pwede pa rin naman a. Kaya nandito si TC."

"Balik tayong pad," sabi ko. "May film pa 'yung camera ko. Bili lang tayong baterya. Congratulations nga pala."

Nagkamayan kami. Tas nagyakapan. Sana nun na natapos ang gabi.

Dahil sakay ng Toyota, hindi kami sa iskinita dumaan. Pagbaba ko sa harap ng Sta. Ana tinahulan ako nung bulag na aso ng kapitbahay namin. Katakataka 'tong asong 'to. Kilala yata ang amoy ko, kasi ako lang naman ang tinatahulan. Pag sina Zsazsa ok lang. Patay ang street lamp. Bumaba si JB kasabay ko, magpapalit s'ya ng damit. Si Zsazsa nagpaiwan na lang, tanod. "Basta bilisan n'yo." Iyon ang unang beses na nakita ko silang naghalikan. Kakalibog!

Madilim sa garahe ng apartment, kaya nagsitayuan ang mga balahibo ko sa braso nang pagbukas ko ng gate ay may narinig akong hikbi. Posisyong-makikipagrambol agad si JB. Inilabas ko ang aking selepono. Pindot ulit ng asterix. Mukha ni Andrew ang inilahad ng flashlight.

Nakaupo s'ya sa hagdan. "Sir U!" Nang makita n'ya ako'y tumalon s'ya patayo't diretso yakap sa akin. "Sir U! Sir U!" Umiiyak pa yata ang Titi ng Ama.

"Anong problema?" Hinimashimas ko ang kanyang likod. "Kakasimula pa lang ng semestre, mababa na agad grades mo?"

"Sir U binugbog nina Kuya Soc si Kuya Arwin!"

Arwin? "Si Sando?"

"Opo!"

Binuksan ni JB ang ilaw ng garahe. May problema yata 'yung bumbilya, kasi gapalito lang ang liwanag na ibinigay nito. Lumakad si JB pabalik kay TC.

"Si Soc, tsaka sino pa?"

"Si Kuya Janus!"

Janus? "Ang syota ng anak ng panginoong may lupa natin?"

"Opo!"

Frat war ulit. Pagbalik nina Zsazsa nagsimulang magkwento si Andrew. Tsismoso pala s'ya. Pero tsismosong kulangkulang, kasi nakaparaming siwang ng kanyang kwento. Bago lang daw ang away ng Pi Beta at Sigma Omega. Iba ang frat ni syota, pero, ito na nga 'yung hindi masagot ni Andrew, nasangkot sila sa gera. Ayun, tubo at dos por dos ang pinanghataw nila kay Sando.

"At least," sabi ni Zsazsa, "alam na natin kung sino ang pumatay dun sa, kung anuman ang pangalan n'ya. Frat talaga."

Nakaupo kaming lahat sa banko. Hindi ba't kakakain lang naming lahat, sina Sando, Soc at syota, dito? Hindi ba't naghatihati kami sa kanin at manok, nagtoast ng Coke at nagkantahan? Bakit ngayon nagpapatayan na sila? Wala akong masagot. Pero may isa akong sigurado: "Hindi. Hindi frat."

"Pare, h'wag kang praning."

"Hindi frat ang tumepok kay Long Sleeves. Kasi kung frat bakit bukas 'yung kwarto ko?"

"Tama na 'yan, U," sabi ni Zsazsa. "Dapat selebrasyon ang mangyayari ngayon. Pwede pa rin naman. Sama ka, Andrew?"

Bukod sa pagiging tsismoso, lasenggo rin pala ang dati kong estudyante. Tinext ko si Aiko habang nag-iinuman sila sa Mabuti's, sa may bukana ng Demarses. Nakailang text ako. Hindi s'ya nagreply. Asar, at tutal naman kasama ang tatlong taong lango, naging tuloy-tuloy na rin ang paglagok ko sa Coke. Nakalimang 8 oz ako. Pigil ihi. Parusa sa sarili kasi nakabuntis ako. Ganun din naman si JB, sa tingin ko nga'y

dalawang babae pa, pero magkaiba kami. Hindi ko alam kung saan kami nagkaiba, pero s'ya masaya. Ako? Sabi n'ya nga kanina: puta.

Madaling araw na kami umuwi. Senglot si Zsazsa, kaya iniwan namin si TC na nakabalandra sa harap ng Mabuti's. Kay JB s'ya tumuloy. Si Andrew, ewan ko kung anong nangyari kay Andrew. Pagbukas ko ng ilaw sa aking pad nandun si Aiko, dilat na dilat ang mga mata, nang-aakusa mula sa kama.

"Hindi ka, hindi ka nagreply..."

"Wala akong load. Akala ko kung napano ka na. Nagkapatayan na naman daw kanina."

"Bugbugan lang. Buhay pa naman." Nasa Rizal Hospital, sabi ni Andrew. Coma yata. "Saan ka nanggaling?"

"Kanina pa 'ko rito. Naghihintay."

"Excuse me lang, nagpunta ako kanina rito para kunin 'yung cam..." Hindi pala. Hindi pala ako nakatuloy papuntang pad dahil kay Andrew. "Hindi pala. Sensya na."

"Ayos lang," sabi n'ya. Sabay talikod.

Hindi ko na s'ya kinulit. Pinatay ko na lang 'yung ilaw at humiga. Walang ihi-ihi! Pagising ko wala na si Aiko, at basa ang aking pantalon. Hindi ako pumasok, buong Byernes nasa Rizal lang ako. Hinihintay ang muling pagkabuhay ni Sando. Alas tres nang mamatay s'ya. Tinext ako ni Aiko, hindi raw s'ya sasabay sa pag-uwi. Sa apartment ko—namin—daw s'ya matutulog. Tinanong ko kung bakit. Hindi sumagot. Lampas alas kwatro nang makauwi ako. Wala pa s'ya. Nag-empake ako nang ilang gamit, pampatay lang ng oras habang naghihintay. Wala talaga. Bago umalis nasira ko 'yung flush ng inodoro. Hindi ko na binuhusan 'yung ihi ko. Lumarga ako papuntang bukana ng Demarses. Nandun pa rin si TC sa harap ng Mabuti's. Walang kahit sinong kakoneksyon sa Los Baños, umuwi akong mag-isa.

**Kabanata 10**

"U?"

"Ano?"

"Ano ulit ang ginagawa mo?"

Alas dose, Linggo. Sabado pa lang gusto ko nang umuwi, pero nagdrama si Mama tungkol kay Tatang, kaya kanina lang ako nakabyahe. Wala si JB sa kanyang pad. Pareho sila ni Zsazsa, hindi sumasagot sa text. Sa kwarto natagpuan ko si Aiko, tulog, nakaputing nighties. Amoy mani, dahil nawalan pala ng tubig habang wala ako, dalawang araw na ihi na ang nakaburo sa inodoro. Pagkatapos kong mahanap ang aking hinahanap pupuntahan ko sina Bola. "Hinahanap ko 'yung videocam na nilagay ni Long Sleeves dito bago s'ya patayin."

Nakatalikod ako sa kanya, at parang saksak sa aking likod ang kanyang buntonghininga. "Isang oras ka nang naghahanap."

"Kung titigil ako sa paghahanap, talagang hindi ko makikita."

Naramdaman ko ang malamig n'yang kamay sa aking braso. "Tumingin ka nga sa paligid mo."

Nasa kalagitnaan ako ng paghila palayo sa pader ng double deck ko, pero tumigil ako para sa kanya. Tumingin ako sa aking paligid. Nakakalat ang mga papel ng mga estudyante ko, maliwanag dahil full blast ang araw. Mga papel mula pa nung unang semestre ng aking pagtuturo. Polisiya kong hindi tsekan ang mga huling papel, perpekto ang binibigay kong score sa lahat. Sa ganitong paraan wala akong kinakailangang bigyan ng sinko, ang pinakamababang pwedeng makuha sa akin ay tres. Mabait, kundi man mabuting guro. "Hindi ako titigil." Bumalik ako sa paghila ng double deck. Natsek ko na ang kabinet at wala akong nakita, kaya sigurado kong narito na 'yung hinahanap ko.

Umupo s'ya sa kama.  Pasinghotsinghot, hindi ko alam kung dahil sa baho ng aming ihi, o kung magsisimula na naman s'yang umiyak.  "Ulitin mo nga 'yung pinanggising mo sa 'kin."

Ako naman ang nagbuntonghininga.  Ambaho talaga.  Hindi ako tumigil sa panghihila.  "Nag-iwan dito ng videocam si Long Sleeves, plano n'yang irecord 'yung pagsesex natin pagkatapos ay iblackmail ako.  Nainstall n'ya sa kung saan, mamaya, pag matapang na 'ko, titingnan ko baka nasa banyo.  Kung anu't anuman, paglabas n'ya nitong pad, bago n'ya masara ang pinto inatake s'ya nung killer.  Malamang si Janus, o di kaya'y si Soc.  Pwede ring si Andrew, o si JB.  Pwedengpwedeng si Sando. Kung sinuman, wala akong pakialam.  Kung hindi man navideo 'yung pagpatay kay Long Sleeves, baka may audio.  Basta, hindi ko na aalamin.  Tatawagin ko lang silang lima, este apat patay na nga pala si Sando, pagkatapos sasabihin ko: 'Andito ang patunay na isa sa inyo ang pumatay kay Long Sleeves.  Dalawa ang kopya ko nito.'  Wawasakin ko sa harap nila 'yung videocam.  Tas, 'Ang CD version ng iyong, o inyong, krimen ay makukuha n'yo pag nakumpirma ko na na may dumating na dalawampung libo sa account ko.'  Tas, ibibigay ko 'yung account number ko, tas hihintayin ko na 'yung pera.  Tas maibibigay ko sa 'yo, tas pwede ka nang magpaabort."  Pinatay ko ang luhang palabas sana mula sa aking tear duct, kunwari'y mutang tinatanggal.  Nagpunas ng pawis sa sentido sa pamamagitan ng sleeves ng aking t-shirt.  "Tas hindi masisira ang kinabukasan mo.  Tas hindi ko nasira ang kinabukasan mo."

Sa isang mata'y galit, sa isang mata nama'y awa.  Iniwasan ko ang tingin sa akin ni Aiko.  "Hindi mo ba narerealize kung ga'no katanga 'yung sinabi mo?"

Tumuloy na ang pag-iyak ko.  Napaupo ako sa sahig. "Mabibigyan kita ng pera pang-abort.  Sa mahusay na

aborsyonista, hindi kita papainumin ng pamparegla galing Quiapo. Mahal kita. Mahal kita."

Tumawa si Aiko. Tumawa s'ya, pagkatapos ay umiyak. Sabay na tawa at iyak. "Bigay ko 'yan, di ba? 'Yan?"

"Oo." Isang umaga tinanong n'ya kung ano ang paboritong kong kulay, pagkatapos nung hapon may dala s'yang t-shirt na itim para sa 'kin. "H'wag mong babawiin!" Hindi ko alam kung bakit pa ako nagsubok magpatawa. Siguro kasi alam ko 'yon na ang huling joke na masasabi sa kanya.

Mainit ang kanyang mga kamay sa aking pisngi, malambot. Ramdam ko ang bawat linya, tanda ng kanyang paglalaba ng sariling damit. "Aminin mo na kasi," sabi n'ya. "Aminin mo nang hindi mo ako mahal."

"Paano ko aaminin ang hindi totoo?"

Hinalikan n'ya ako sa ilong. "Para maiwan na kita. Para maging masaya na ako."

"Hindi mo na ba 'ko mahal?" Hinawakan ko ang kanyang mga kamay. Naroon ang mga ugat na sabi ko'y hahaplusin ko habambuhay.

"Hindi na."

"Bakit?"

"Hindi ko rin alam. Baka nga... baka hindi naman kita minahal kahit kailan."

Mula upo lumuhod ako. "H'wag mong sabihin 'yan, Ai. Ai, hindi 'yan totoo. Nabuntis lang kita, hindi 'yon dahilan para maghiwalay tayo."

"Hindi naman ako buntis U e."

Umiyak na lang ako nang umiyak. Isinara ko ang aking mga mata para pigilan ang pagluha. Maliwanag na pula ang aking nakita, at ramdam ko sa mukha ang patuloy na pag-agos, maalat at mapait sa aking bibig. Bumitaw ako.

Bumitaw s'ya.

Humiga ako sa sahig. Pinakinggan ko ang kanyang pag-aayos. Ang mabilis na pagsirit sa CR. Ang mabibigat na hakbang. Ang malupit na pagbukas at pagsara ng zipper ng bag. May nagpatong ng metal sa kahoy. May lumapit sa aking takong. May humalik sa aking mga labi. May nagbukas ng pinto. May nagsara ng pinto. Walang iyak ng metal. Sa gate sa harap s'ya lumabas. Iniwan n'ya na ang mga susi sa pad.

Humiga lang ako don, hindi kumikilos. Hindi gumagalaw.

Nakatulog ako.

Paggising ko, gabi na. Nangangalay ang leeg, mula sa sahig tumingin ako sa direksyon ng bintana. Walang ilaw na pumapasok. Patay ang street lamp sa labas. May dumaang malamig na bulong ng hangin. Dagli akong tumayo, nabangga sa mesa, may narinig na nahulog pero hindi muna pinansin. Takot sa multo kinapa ko 'yung switch. Pinindot ko 'yung on pero hindi nag-on. Amoy mani pa rin 'yung kwarto. Titi ng Amang Bola. Wala na ngang tubig, wala pang ilaw. Nilabas ako ang aking selepono at inon ang flash light. Sa aking paanan natagpuan ako ang mga susi n'ya. Mga susi ko na ulit ngayon. Susi sa aking apartment. Ayaw na ayaw na talaga n'ya sa akin, kasi iniwan n'ya pati 'yung swiss knife n'ya, nagmamadaling umalis.

Pinulot ko ito.

Napatingin ako sa ilalim ng mesa. Kanina pa dapat, nung nakahiga ako sa sahig.

Kaso panay naman pikit ko kanina.

Isip ko, tumpak, dapat nahalata ko agad. Dito sa ilalim ng mesa tinago ni Long Sleeves 'yung videocam.

Kuhangkuha ang pagsesex namin ni Aiko.

Wala. Wala akong nakita.

Pumunta ako sa banyo. Alam ko namang walang mangyayari, pero instinct na lang siguro, inon ko 'yung switch. Lumiwanag. Pundido siguro 'yung bumbilya ng kwarto. Pinatay ko ang flash

light ng aking cellphone at tinago ito.  Habang umiihi si Aiko pa rin ang aking nasa isip.  Nasan na kaya s'ya?  Kumain na kaya s'ya?  Delikado ang gabi, at hindi n'ya dala ang kanyang munting kutsilyo.  Jusko, ligtas sana s'ya.  At masaya.

Ilang beses din kaming nagsex sa CR na 'to!

Pagkatapos umihi'y sinubukan ko ulit 'yung flush.  Wala talaga.  Palabas na 'ko nang nakarinig ako ng butiki. Pahampashampas na naman ng buntot sa pader o kisame.  Paalala ng magagandang karanasang hanggang pag-aalala na lang.  Hinanap ko ang palaging ojens sa aming madamidami na ring pagtatanghal. Wala sa pader ng CR.  Sinubukan ko ang kisame.

At doon ko nakita ang dapat kanina ko pang nakita.

Ang videocam.

Pinatay ko ang ilaw ng CR.  Dala ang swiss knife ni Aiko, lumabas ako ng apartment.  Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Hindi ko nga man lang alam kung anong oras na.  Pero bumaba ako sa ikalawang palapag.  Binuksan ko ang lock at ang gate. Mabilis ang aking paglalakad sa eskinita.  Kulang ang liwanag ng isang bumbilya.  Ang kailangan ko'y ilaw na malaaraw.  Tipong bonfire.  Tipong search lights.  'Yung walang makakapagtago sa akin.